

Daloy ng Aplikasyon

Pagbubukas ng Seven Bank account
Kontrata ng International Money Transfer Service

Kung sabay na aplikasyon

Hakbang ①

Ihulog ang application form at mga dokumentong nagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan sa isang post box, gamit ang kalakip na return envelope

A Application Form

▶ Tingnan ang pahina 4 at 5 para sa mga tagubilin.



B Mga dokumentong nagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan

▶ Tingnan ang pahina 2 at 3 para sa mga dokumentong kailangan.



Hakbang ②

Magkakahiwalay na ipapadala sa iyong address ang mga sumusunod na tatlong bagay.

a Post card ng "Notipikasyon ng Temporary PIN"



Kakailanganin ang postcard na ito kapag ginamit ang ATM sa unang pagkakataon, kaya itago ito sa ligtas na lugar. (Tingnan ang pahina 6)

b Cash card

Ang cash card ay ipapadala sa pamamagitan ng pinasimpleng registered mail (nang walang forwarding service).



c Postcard ng "Notipikasyon na Tapos na ang Pagpaparehistro para sa International Money Transfer"



Hakbang ③

Ihanda ang iyong postcard ng **a** "Notipikasyon ng Temporary PIN" at ang iyong **b** "cash card," at gamitin ang mga ito para itakda ang iyong sariling PIN sa ATM ng Seven Bank, atbp.



Hindi ka maaaring mag-withdraw, gumamit ng international money transfer at iba pang transaksyon hangga't hindi ka pa nakapagtataka ng sarili mong PIN.

May mga available pang instruksiyonal na video sa pagtatakda sa iyong PIN sa isang ATM!
Paano manood ng video (available sa 9 na wika)



Maa-access mo ang mga video sa pamamagitan ng paghahanap sa **YouTube** ng mga post ng "SEVENBANKofficial," o sa pamamagitan ng paggamit sa QR code sa kanan.



*Kinakailangan ang isang espesyal na application upang mabasa ang QR code.

● Proseso sa paggamit ng Direct Banking Service Tingnan ang pahina **10** hanggang **13**

● Proseso ng pagreahisto ng tagatanggap para sa International Money Transfer Tingnan ang pahina **14** at **15**

Mga Paalaala sa Pagpapadala ng Cash Card sa Pamamagitan ng Koreo

Ang pagbubukas ng isang account ay maaaring kanselahin dahil sa mga sumusunod na kadahilanan:

- ▶ Kapag hindi makakarating sa kostumer ang cash card dahil hindi maipadala sa nakarehistrong address.
- ▶ Kapag hindi kinuha ang cash card sa loob ng panahong nasa post office ito, matapos mabigyan ng post office ng isang "delivery notice" ang kostumer.

Mga katanungan / Customer Center (Tagalog)

0120-677-874 (Walang Bayad)

Oras na Bukas: 10:00 am hanggang 8:00 pm, Linggo hanggang Biyernes,
hindi kasama ang mga pambansang piyesta-opisyal at ang Bagong Taon (12/31 hanggang 1/3)


[Website] <http://www.sevenbank.co.jp/>

Ilagay sa nakalalip na return envelope ang tatlong dokumento— ①, ②, at ③—at ihulog ito sa isang post box.

Mga Dokumentong Kailangang Isumite ①

Application form

Aplikasyon para sa Pagbubukas ng Seven Bank Account at Kontrata ng International Money Transfer Service (para lamang sa mga indibidwal)



Tapusin ang form, nang sinusundan ang mga tagubilin sa pahina 4 at 5.

Mga Dokumentong Kailangang Isumite ② Mga sertipikong pampubliko

Ang napili mong dokumento ay dapat na nagsasaad ng pangalan, address at kapanganakan na pareho sa nakasulat sa ① Application form.

Mga kostumer na ibang bansa ang nasyonalidad * Ang mga taga-ibang bansa na nakatira na nang kahit anim na buwan sa Japan

Para sa mga walang Japanese citizenship, kailangang maglakip ng kopya ng isa sa mga sumusunod na sertipiko.

Isumite ang kopya ng Residence card



- Tiyaking isama ang kopya ng kabilang bahagi.
- Lahat ng mga dokumento ay dapat na valid sa panahong matatanggap ang mga ito ng Seven Bank.

Isumite ang kopya ng Alien Registration Certificate



- Tiyaking isama ang kopya ng kabilang bahagi.
- Lahat ng mga dokumento ay dapat na valid sa panahong matatanggap ang mga ito ng Seven Bank.

Mga kostumer na may Japanese citizenship Isa sa mga sumusunod na dokumento

Isumite ang kopya ng

Driver's License

- Pakisumite ang kopya ng likuran ng lisensya kung may anumang mga pagbabago sa address.
- Ang lahat ng mga dokumento ay dapat na valid sa panahong matatanggap ang mga ito ng Seven Bank.

Isumite ang orihinal ng

Certificate of Residence

- Dapat ay opisyal na kopya ng residence certificate.
- Hindi tinatanggap ang mga xerox copy.
- Lahat ng dokumento ay dapat na ipinagkaloob sa loob ng tatlong buwan sa oras na matanggap ang mga ito ng Seven Bank.

Isumite ang kopya ng

Health Insurance Card

- Ang lahat ng pahina na may pangalan, address, o kapanganakan.
- Dapat bigyang pansin ang kasalukuyang address.
- Ang lahat ng mga dokumento ay dapat na valid sa panahong matatanggap ang mga ito ng Seven Bank.

Isumite ang orihinal ng

Seal Registration Certificate

- Lahat ng dokumento ay dapat na ipinagkaloob sa loob ng tatlong buwan sa oras na matanggap ang mga ito ng Seven Bank.



Kung ang kasalukuyang address ay naiiba sa nakarehistrong tirahan (registered domicile) na nakalagay sa dokumento na nagsasaad ng magkaibang kasalukuyan at nakarehistrong tirahan (registered domicile), pakibura ang nakarehistrong tirahan (registered domicile). Gamitin ang A4 o B5 na papel sa pagpapa-xerox at ipa-xerox ang dokumento sa orihinal nitong laki, at siguruhing walang mapuputol na bahagi.

* Naglalaan din ang aming website ng impormasyon tungkol sa ibang pang tinatanggap na mga pampublikong sertipiko.

! Sa ilalim ng Batas sa Prevention of Transfer of Criminal Proceeds, na layuning pigilan ang pagtustos sa terorismo at money laundering at wakasan ang mga kahina-hinalang transaksyon, obligado ang Seven Bank na suriing mabuti ang pagkakakilanlan ng mga kostumer kapag nakatanggap ito ng aplikasyon sa pagbubukas ng account.

Mga Dokumentong Kailangang Isumite **3** **Mga resibo at bill ng kuryente, tubig at iba pang serbisyo** **Isa sa mga sumusunod na dokumento**

Ang mga dokumentong iyong pinili ay dapat na nagsasaad ng parehong pangalan gaya ng sa **1** Application form. Kung walang resibo/bill(dokumentong nagsasaad ng parehong address na iyong inirehistro) na nasa iyong pangalan, magpadala ng resibo/bill na nakapangalan sa kasambahay na kapareho mo ang apelyido.

Makipag-ugnayan sa Telephone Center **0120-677-874** kung hindi ka makapagbibigay ng alinman sa mga sumusunod na dokumento.

Isumite ang orihinal ng

landline/Cellphone

- Ang lahat ng mga dokumento ay dapat na may petsa ng pagkakaloob na wala pang anim na buwan sa oras na matatanggap ang mga ito ng Seven Bank.



(Sample)

Isumite ang orihinal ng

Tubig

- Ang lahat ng mga dokumento ay dapat na may petsa ng pagkakaloob na wala pang anim na buwan sa oras na matatanggap ang mga ito ng Seven Bank.



(Sample)

Isumite ang orihinal ng

Kuryente

- Ang lahat ng mga dokumento ay dapat na may petsa ng pagkakaloob na wala pang anim na buwan sa oras na matatanggap ang mga ito ng Seven Bank.



(Sample)

Isumite ang orihinal ng


NHK

- Ang lahat ng mga dokumento ay dapat na may petsa ng pagkakaloob na wala pang anim na buwan sa oras na matatanggap ang mga ito ng Seven Bank.



(Sample)

Ilagay ang tatlong dokumento- **1**, **2**, at **3** - sa nakalakip na return envelope at ihulog ang mga ito sa koreo.



*Dapat pong maunawaan na ang mga dokumentong inyong ipapadala sa amin ay hindi na namin maibabalik.

*May pagkakataon na kayo ay aming tatawagan upang kumpirmahin ang mga bagay na hindi maintindihan tungkol sa inyong aplikasyon.

Paraan ng Pagkumpleto ng Application Form

Aplikasyon para sa Pagbukas ng Seven Bank Account at Kontrata ng International Money Transfer Service

Paraan ng Pagkumpleto

- Basahin munang mabuti at kumpirmahin ang bawat probisyon sa "Seven Bank Account Rules" at ang Privacy Policy nito bago gawin ang aplikasyong ito. Ang mga dokumentong ito ay naka-post sa aming website. Bilang karagdagan, kung gusto mong makatanggap ng kopya ng mga dokumentong ito sa pamamagitan ng koreo, makipag-ugnayan lang sa aming Telephone Center.
- Gumamit ng itim na ball pen sa pagpunò sa Application form.
- Tiyakin na mapunan lahat mula 1 hanggang 6, at na malagyan ng **check** ang kaukulang mga kahon.

Hindi tatanggapin at ibabalik sa iyo ang iyong Aplikasyon o maaaring kontakin ka namin kung nauukol sa iyo ang alinman sa mga sumusunod:

- ① Kung ang aplikante ay may dati nang Seven Bank Account;
- ② Kung walang nakalakip na mga dokumento na magpapatunay ng pagkakakilanlan ng aplikante (pampublikong sertipiko + resibo/bill);
- ③ Kung may kulang sa iyong Application form;
- ④ Kung sa tingin ng Seven Bank ay ibang tao ang gumawa ng aplikasyon na ito;
- ⑤ Kapag hindi agad tumugon ang aplikante sa mga kahilingan o katanungan ng Seven Bank;
- ⑥ Kapag hindi pumasa ang aplikante sa itinakda ng Seven Bank na mga pamantayan sa pagsusuri.

Pagsang-ayon

- Matapos mong kumpirmahin ang mga nilalaman ng kahon, **i-tick** ang check box.

Petsa

- Pakilagay ang kasalukuyang petsa.

Pangalan ng Aplikante (sulat-kamay)

- Isulat ang iyong pangalan nang katulad sa pagkakasulat nito sa mga nakalakip na mga dokumentong nagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan.

Address

- Dapat na pareho ang address sa address na nakasaad sa mga dokumento na nagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan; kung hindi, ang iyong aplikasyon ay hindi tatanggapin.
- Siguraduhing isulat ang postal code.

Numero ng Telepono

- Isulat alinman sa numero ng inyong telepono sa bahay (landline) o ng iyong mobile/cellular phone.

Trabaho

- Siguraduhing **i-tick** ang check box para sa iyong trabaho. Kung pinili mo ang "Iba pa," pakisulat ang espesipikong mga detalye.

Gamit ng Transaksyon (Purpose of Transaksyon)

- Siguraduhing **i-tick** ang check box para sa gamit ng transaksyon. Kung pinili mo ang "Iba pa," pakisulat ang espesipikong mga detalye.

セブン銀行口座申込書 兼 海外送金サービス契約申込書(個人専用)
Application for Seven Bank Account and Application for International Money Transfer Service Agreement (only for individuals)

株式会社 セブン銀行 あて / To : Seven Bank, Ltd. (the "Bank")

K.001.06

1. 同意 下記の内容を確認し同意される場合は、チェック してください。同意が無い場合はお申込みの受付はできません。
Consent If you confirm and agree to the following, please check the box. This application will not be accepted without your agreement.

私は、右記の7点(6に定める個人情報)の取扱いを承ります。
 I agree to the 7 points indicated on the right (including the handling of personal information set forth in Paragraph 6).

- 私は、貴社の「海外送金サービス規定」を含む「セブン銀行口座規定集」の各規定およびプライバシーポリシーに同意します。
I agree to the respective terms and conditions included in the "Seven Bank Account Rules," including the Bank's "International Money Transfer Service Terms and Conditions," and "Privacy Policy".
- 私は、貴社との取引に際し、現在、(1)暴力団員、(2)暴力団員でなくなった時から5年を経過しない者、(3)暴力団準構成員、(4)暴力団関係企業構成員、(5)総会屋等その他「セブン銀行取引規定」第21条第2号に掲げる者のいずれにも該当しないことを表明し、かつ将来にわたっても該当しないことを確認します。また、私は、自らまたは第三者を利用して(1)暴力的な要求行為、(2)法的な責任を超えた不当な要求行為、(3)取引に関して脅迫的な言動をし、または暴力を用いる行為、(4)風説を流布し、偽計または威力を用いて貴社の信用を毀損し、または貴社の業務を妨害する行為等を行わないことを確認します。
In entering into transactions with your bank, I hereby represent that I do not currently correspond to any of the persons listed in Article 21, Item (2) of the "Seven Bank Account Rules and Conditions," including (1) a member of any organized crime group, (2) a person who was a member of an organized crime group at any time during the past five years, (3) an associate member of any organized crime group, (4) a member of any company related to any organized crime group, and (5) any corporate extortionist (sokaiya). I also assure you that I will not correspond to the same in the future. In addition, I assure you that I will not take, or allow a third party to take, any act such as (1) an act of making violent demands, (2) an act of making unreasonable demands against the Bank beyond the Bank's legal responsibility, (3) an act of using intimidation or violence in relation to transactions, and (4) an act of impairing the credibility of the Bank or interfering with your bank's business by disseminating rumors, using fraudulent means or using force.
- 私は、この申込み口座を他人に売ったり、譲渡しないことを確認します。
I assure you that I will not sell or assign to others the account for which I am applying.
- 私は、貴社のサービス取扱いが原則として日本語によることのほか、便宜補助のための言語により表示等がされる場合があるもの、かかる表示等は限定的であり、また、意味・内容が日本語と相違する場合は、日本語によることを十分に理解し同意します。
I fully understand and agree that, as a general rule, the Bank's services and transactions shall be in the Japanese language, and, although statements, explanations, etc., may be made in other languages for convenience and supplementary purposes, such statements, explanations, etc., will not cover the full Japanese text, and if there is any inconsistency in meaning or content between the Japanese version and the translation thereof into such other languages, the Japanese version shall prevail.
- 私は、海外送金サービス契約の申込みが不適切であった場合に、セブン銀行口座を開設するか否かは、貴社の任意とすることに同意します。
I agree that, if there is any flaw in my application for the International Money Transfer Service Agreement, the Bank shall have discretion in determining whether or not to open the relevant Seven Bank Account.
- 私は、「海外送金サービス規定」第11条に従い、貴社が私の国籍および出生国/出生地を取得し利用すること、貴社に提供した個人情報等が提携先および受取拠点に提供され、受取人への支払その他貴社による海外送金取引の処理の支援、法令遵守または提携先のサービス向上に向けたデータ分析のために利用されること、ならびに提供先側で相互提供されることに同意します。
I agree that in accordance with Article 11 of the "International Money Transfer Service Terms and Conditions," the Bank will acquire and use my nationality and country and place of birth, personal and other information provided to the Bank by me will be provided to and used by the Alliance Partner and/or Payment Center for making payment to receivers or otherwise supporting the Bank's processing of Money Transfer Transactions or complying with laws and ordinances, or for data analysis for improving the Alliance Partner's service; and such information will be mutually provided among these recipients of such information.
- 私の国籍が外国国籍である場合、私は、日本に入国後6ヶ月以上が経過していることを確認します。
(For any applicant whose nationality is not Japanese) I confirm that at least six months have passed since I entered Japan.

※「海外送金サービス規定」を含む「セブン銀行口座規定集」の各規定およびプライバシーポリシーは、当社ホームページに掲載しているほか、当社テレホンセンターにご連絡いただければ、ご郵送いたします。
The respective terms and conditions of the "Seven Bank Account Rules", which includes the "International Money Transfer Service Terms and Conditions" as well as the Privacy Policy are posted on our bank's Internet homepage. If you also wish to receive a copy of these documents by mail, please contact our Telephone Center.

2. お申込みご本人について 該当する項目にはチェック してください。
About Applicant Please check the corresponding boxes below.

ご記入日 Date 20 00 年 00 月 00 日
year month day

おなまえ(自署) Applicant Name (by hand) ピラピル クリス ジェルビゼ
性別 Sex 1. 男 Male 2. 女 Female

カナ Katakana ピラピル クリス ジェルビゼ
漢字 Kanji or Alphabet PILAPIL KHRIS GEREBISE
生年月日 Date of Birth 19 7 0 5 0 7
year month day
※18歳未満の方はお申込みできません。
You must be 18 years or older to apply.

住所 Address 〒 0000-0000
住所 (住所) トウキョウト チヨダク マルノウチ セブン マンション
住所 (住所) Tokyo-to chiyoda-ku marunouchi 00-00-00 seven mansion A000
マンション名など具体的に記入してください。 Please indicate the apartment name, etc.
マンション名など具体的に記入してください。 Please indicate the apartment name, etc.

自宅電話 Telephone 03-0000-0000
携帯電話 Cell phone 09-0000-0000

ご職業 Occupation 1. 会社員・団体職員 Company employee/Organization member 2. 会社役員・団体役員 Company officer/Organization officer
 3. 公務員 Public officer 4. 自営業 Self-employed worker
 5. 契約・派遣社員 Contract worker/Dispatched worker 6. パート・アルバイト Part-time worker
 7. 主婦・家事手伝い Housewife/Domestic helper 8. 年金受給者 Pensioner
 9. 学生 Student 10. 無職 Unemployed
 11. その他 Other
※「その他」を選択した場合、日本語または英語でご記入ください。
(If you have selected "Other", please enter the information in Japanese or English.)

取引目的 Purpose of opening account 1. 生活費決済 Living expense settlement 2. 貯蓄 Savings 3. 給付受取 Salary receipt
 4. ローン利用 Loan transaction 5. 海外送金利用 Overseas remittance (International Money Transfer)
 9. その他 (※その他を選択の場合、日本語または英語でご記入ください。 If you have selected "Other", please enter the information in Japanese or English.)

お勤め先 (学校名) Company (School) カナ Katakana カブシキガイシャ セブン
漢字 Kanji or Alphabet 株式会社 瀬文
電話番号 Telephone 0000-0000-0000

K.001.06(14.04)

3. お取引明細表郵送サービスについて Statement of Account Mailing Service

申込む(月額108円・消費税等含む)
Apply (108 Yen per month including consumption tax)
インターネットバンキングでの確認に加え、郵送をご希望される方のみにチェックしてください。
Please check the box only if you wish to receive a Statement of Account by postal mail in addition to reviewing such statement via Internet banking.

4. 一部郵送物の言語区分について Language of Certain Mailed Materials

英語によるものを希望する(無料)
Please send me the English version (free)
当社が英語に翻訳した一部の郵送物について、日本語によるものではなく、英語によるものの送付をご希望される方のみにチェックしてください。
Please check the box only if you wish to receive our bank's English translation of certain mailed materials rather than Japanese versions.

5. 送金人登録 / Sender Registration *ご注意ください。以下の文字記入欄は、振込のある場合を除き、すべてアルファベット・ブロック体で記入ください。Unless otherwise instructed, please fill in all information to be described within the bold lines in Block Letters.

お申込人の おなまえ Applicant Name	名 First Name	K H R I S
	ミドルネーム Middle Name	G E R E B I S E
	姓 Last Name	P I L A P I L
出生国 Country of Birth	国名 Country Name	P H I L I P P I N E S
	国名 Country Name	P H I L I P P I N E S
送金資金の原資 Source of Funds	<input checked="" type="checkbox"/> 給与 Salary <input type="checkbox"/> 配偶者の給与 Spouse's Salary <input type="checkbox"/> 年金 Pension <input type="checkbox"/> その他 Other	<small>*「その他」を選択した場合、日本語または英語で記入ください。If you have selected "Other", please enter the information in Japanese or English.</small>

6. 受取人登録 / Receiver Registration 該当する項目にはチェックしてください。Please check the corresponding boxes below.

受取人のおなまえ Receiver's Name	名 First Name	A N T O N I O
	ミドルネーム Middle Name	P E P I T O
	姓 Last Name	P I L A P I L
受取人のご住所 Receiver's Address	居住国 Country of Residence	P H I L I P P I N E S
	州・県・都市等 State, Prefecture, City	D A V A O C I T Y
	地区・地番等 Street	D A M O S A J U P I T E R S T R E E T P H A S E 4 B L O C K 1 0
受取人の続柄 Relationship	<input type="checkbox"/> 夫/妻 Husband/Wife <input type="checkbox"/> 父/母 Father/Mother <input checked="" type="checkbox"/> 息子/娘 Son/Daughter <input type="checkbox"/> 兄弟/姉妹 Brother/Sister <input type="checkbox"/> その他 Other	<small>*「その他」を選択した場合、日本語または英語で記入ください。If you have selected "Other", please enter the information in Japanese or English.</small>
受取国 Country	国名 ^{#1} Country Name	P H I L I P P I N E S
	州 State	
	都市 City	
受取通貨 Currency	通貨名 ^{#1} Currency Name	P H I L I P P I N E P E S O
送金目的 Purpose of remittance	<input checked="" type="checkbox"/> 帰国送金 Migrant Remittance <input type="checkbox"/> 学費 Tuition Fee <input type="checkbox"/> 医療費 Medical Fee <input type="checkbox"/> 現地滞在費用 Living Expense/Rent <input type="checkbox"/> 旅費 Travel Expense <input type="checkbox"/> ギフト Gift	
	<small>*海外送金取引の依頼時に上記と異なる送金目的を選択した場合、セブン銀行より取引内容を確認させていただく場合があります。If the type of "Purpose of remittance" that you select when requesting money to be sent overseas is different from what you have selected here, Seven Bank may check the details of the transaction.</small>	
送金目的の詳細 Details of Purpose	support for my family	
送金(予定)頻度 Expected Frequency	<input type="checkbox"/> 年1回 Once a year <input type="checkbox"/> 年数回 Several times a year <input checked="" type="checkbox"/> 毎月1回 Once a month <input type="checkbox"/> 毎週1回 Once a week	
	1回あたりの送金(予定)金額 ^{#2} Expected Amount per Transaction	1, 1 0 0, 0 0 0 円 (YEN)

*1 国名/通貨名は同封冊子の該当ページをご参照ください。For Country Name/Currency Name, please refer to the relevant page of the enclosed brochure.
*2 1回あたりの送金限度額は100万円、年間の送金限度額は300万円です。送金(予定)頻度に応じて、1回あたりの送金(予定)金額は以下を超えないよう記入ください。[年1回]「年数回」...100万円以下、[毎月1回]...25万円以下、[毎週1回]...5万円以下。また、受取国によって上記より少額の限度額が設定されている場合がありますので、必ず当社ホームページまたはテレホンセンターでご確認のうえ、送金予定頻度に応じて、その国別限度額を超えない金額を記入してください。
The limit on a transferred amount per transaction is 1,000,000 Yen, and the annual limit is 3,000,000 Yen. Please enter the Expected Amount per Transaction according to the Expected Frequency so that it will not exceed the following amounts: "Once a year" and "Several times a year"... 1,000,000 Yen or less; "Once a month"... 250,000 Yen or less; "Once a week"... 50,000 Yen or less. In addition, since lower limits may be established for certain Payout Countries, please confirm such relevant limit with our bank's internet homepage or Telephone Center, and enter an amount that will not exceed such limit according to the Expected Frequency.

7. 本人確認書類 / Documents required for verification of the applicant's identity

1 公的な証明書が1通 + 2 公共料金などの領収証・請求書が1通の、あわせて2通を同封してください。
Please enclose (1) one official certificate + (2) one receipt/invoice for utility charges or the like (total of two documents).
*本人確認書類について詳しくは、海外送金サービスマニュアルをご参照ください。
For more details on identity verification documents, please refer to the "International Money Transfer Service Manual."

セブン銀行使用欄 Bank Use Only		I	
		A	B
			C
【銀行使用欄】 Bank Use Only			
精査	登録	検印	内容点検
			外為法確認
			受付

Serbisyong Pagpapadala ng Statement of Account sa Pamamagitan ng Koreo

- **I-tick** ang check box tangi lamang kung nais mong makatanggap ng Statement of Account buwan-buwan sa pamamagitan ng koreo.
- Tandaan na sisingilin ka nga buwanang bayad na 108 Yen (kasama na ang consumption tax, atbp.) kung hihiling ka para sa Serbisyong Pagpapadala ng Statement of Account sa Pamamagitan ng Koreo.

Suporta sa Wika sa Ilang mga Ipinapadalang Materyal

- **I-tick** ang check box tangi lamang kung nais mong makatanggap ng mga ipinapadalang materyal sa Tagalog kung available.

Pangalan ng Aplikante

- Isulat ang iyong pangalan sa malalaking titik.
- Isulat ang "WALANG APELYIDO" kung ang aplikante ay walang apelyido.

Pinangalangan ng Perang Ipadadala

- Kung pinili mo ang "Iba pa," pakisulat ang espesipikong mga detalye.

Pangalan ng Tagatanggap

- Isulat ang pangalan ng tagatanggap ng perang iyong ipinadadala. Ang pangalan ng tagatanggap ay dapat na pareho ng pangalang nakasaad sa dokumento ng pagkakakilanlan (identification document) na ipapakita sa pagtanggap ng pera; kung hindi, hindi niya matatanggap ang iyong ipinadala.
- Isulat ang "WALANG APELYIDO" kung ang tagatanggap ay walang apelyido.
- **May mga paghihigpit sa pagtanggap ng pera para sa mga tagatanggap na wala pa sa isang takdang edad.**

Address ng Tagatanggap

- Tandaan na ito ay iba pa sa bansa, probinsya at lunsod ng bansang padadalhan (payout country).

Bansa at Currency

- Pakitingnan ang huling pahina ng manwal na ito upang malaman ang mga bansa/teritoryo at currency na maaaring tumanggap ng perang ipadadala, at isulat ang impormasyon sa malalaking titik.
- Siguraduhing isulat ang pangalan ng state at city para sa pagpapadala ng pera sa US at Mexico.
- Alalahang iba pa ito sa bansa, probinsya at lungsod sa address ng tagatanggap.

Layunin

Mga Detalye ng Layunin sa Pagpapadala ng Pera

- Posibleng pumili ng ilang mga layunin.
- Para sa mga detalye ng layunin sa pagpapadala ng pera, espesipikong ilarawan ang sumusunod na nilalaman. Kung iba't ibang layunin ang pinili mo, pakilarawan ang sumusunod na nilalaman ng bawat napiling layunin.

- ▶ **Padala sa sariling bayan:** Gamit ng perang ipinadadala gaya ng pang-araw-araw na gastusin, gastos sa pagbili ng mga pangangailangan sa bahay, atbp.
- ▶ **Panggastos sa matrikula:** Pangalan ng paaralan at bansang kinaroroonan nito, at gamit ng perang ipinadadala gaya ng bayad sa pag-enroll, matrikula, atbp.
- ▶ **Panggastos sa medikal:** Pangalan ng ospital at bansang kinaroroonan nito, at gamit ng perang ipinadadala gaya ng gastos sa ospital, gastos sa operasyon, atbp.
- ▶ **Panggastos sa paglagi sa lokal / Renta:** Pangalan ng bansang kinaroroonan at dahilan ng pananatili rito, at gamit ng perang ipinadadala gaya ng renta, atbp.
- ▶ **Panggastos sa paglalakbay:** Pangalan ng bansang pinuntahan at layunin ng pagbiyahe gaya ng pamamasyal o negosyo.
- ▶ **Pang-Regalo:** Layunin ng pagreregalo (hal., regalo para sa birthday) .

Inaasahang Dalas ng Pagpapadala Inaasahang Halaga ng Ipadadala kada Transaksyon

- Pakisulat ang inaasahang halaga ng ipinadadala kada transaksyon upang hindi ito lumampas sa alinman sa limitasyon base sa inaasahang dalas ng pagpapadala o limitasyon sa pagpapadala ng bansang padadalhan.
- Kung iba't ibang mga layunin ang iyong pinili, pakisulat ang mga inaasahang dalas ng pagpapadala at inaasahang halaga ng ipinadadala kada transaksyon para sa lahat ng mga layunin.

Siguraduhin na ang mismong may-ari ng account ang susulat sa Application form.

Mga ATM ng Seven Bank / Pag-set ng PIN (ATM)

Mga Seven Bank ATM

Bilang panlahatang alituntunin, bukas 24 oras araw-araw, 365 araw sa isang taon


Maaari kang mag-deposito, mag-withdraw at magpadala ng pera anumang araw ng linggo o oras.



Walang bayad ang mga withdrawal mula 7 am hanggang 7 pm, at ang mga deposito ay walang bayad 24 oras araw-araw.

Walang bayad kahit na Sabado, Linggo at pambansang piyesta-opisyal kung sa araw ito gagawin.

* Ang hiwalay na Singil sa Pagpapadala ay kailangan para sa pagpapadala ng pera.



- Maaaring hindi magagamit ang mga ATM ng Seven Bank sa loob ng mga espesipikong oras dahil sa pagmamantini ng system o mga katulad na gawain.
- Kung ang tindahang kinaroroonan ng ATM ay hindi 24 oras sa isang araw na bukas, ang ATM ay hindi available kapag nagsara na ang tindahan kahit oras pa ng serbisyo ng mga ATM.
- Hanggang 50 perang papel lang ang maaaring i-withdraw o ideposito sa bawat pagkakataon.

- Ang mga sumusunod na mga transaksyon ay hindi available.

- × Mga transaksyon gamit ang passbook
- × Pagpapadala ng pera nang cash
- × Transaksyon gamit ang barya
- × Deposito na hindi buo (nangangailangan ng sukli)
- × Pagpapalit ng pera


Pag-set ng PIN (ATM)




Sa unang beses na paggamit ng ATM, sundin ang sumusunod na proseso sa pagpapalit ng Temporary PIN sa bagong PIN na napili mo. * Maaari ring baguhin ang iyong PIN gamit ang Internet Banking (Tingnan ang pahina 10 at 11).

Mga Bagay na Dapat Ihanda

Ihanda ang cash card at ang post card ng "Notipikasyon ng Temporary PIN."



Proseso ng Pagrerehistro sa isang ATM



1 Ipaok ang cash card at i-press ang "暗証番号変更" [PIN Change].

! Una, pindutin ang globo na botan upang ipakita ang iba pang wika maliban sa Hapon at Ingles.



3 Napalitan mo na ang iyong PIN. Maaari mo nang gamitin ang bagong PIN sa susunod.

* Pakitingnan ang pahina 17 para sa mga babala tungkol sa PIN.



2 I-enter ang PIN gaya ng pagkakasunod-sunod na nasa ibaba, gamit ang mga button na nasa kanang bahagi ng screen.

Temporary PIN* → Ang bagong PIN na napili mo (i-enter nang dalawang beses)

* Pakitingnan ang iyong postcard ng "Notipikasyon ng Temporary PIN."

! Hindi maaaring irehistro bilang iyong PIN ang 4 na pare-parehong mga numero (gaya ng "0000" o "9999"), ang iyong kapanganakan (gaya ng 4 na numero mula sa araw at buwan) at ang iyong nakarehistrong numero ng telepono.

May mga available pang instruksiyonal na video sa pagtatakda sa iyong PIN sa isang ATM! (available sa 9 na wika)



Paano manood ng video

Maa-access mo ang mga video sa pamamagitan ng paghahanap sa **You Tube** ng mga post ng "SEVENBANKofficial," o sa pamamagitan ng paggamit sa **QR code** sa kanan.

*Kinakailangan ang isang espesyal na application upang mabasa ang QR code.



Maaaring magbago ang screen.

Proseso sa paggamit ng ATM Deposito



Ang iyong account balance ay dapat na higit sa inaasahang halaga na ipadadala at bayad sa pagpapadala upang maisagawa ang international money transfer.

Hakbang 1 Simulan ang pagdedeposito

Ipasok ang iyong cash card at pindutin ang “預入れ” [Deposit].

1 Pindutin ang “預入れ” [Deposit].

! Una, pindutin ang globo na botan upang ipakita ang iba pang wika maliban sa Hapon at Ingles.

Hakbang 2 Ipasok ang mga perang papel

Ipasok ang mga perang papel sa slot.

1 Ipasok ang mga perang papel.

2 Hintayin na magpalit ang nasa screen na Ang pera ay binibilang.

Hakbang 3 Kumpirmahin ang halaga

Kumpirmahin ang halaga at pindutin ang “Ikumpirma” [確認]. Kung may karagdagang halaga na gusto mong ideposito, ipasok ang perang papel.

1 Pindutin ang “Ikumpirma” [確認].

Hakbang 4 Tapusin ang pagdedeposito

Pindutin ang “Resibo” [必要] kung kailangan mo ng transaction receipt. Pindutin ang “Ikumpirma” [不要] kung hindi mo ito kailangan. Kunin ang iyong cash card at ang resibo (kung pinindot mo ang “Resibo” [必要]).

1 Pindutin ang kahit alin sa mga button.

Kung kailangan mo ng resibo

Kung hindi mo kailangan ng resibo

2 Kunin ang cash card at ang resibo (kung pinindot mo ang “Resibo” [必要]).

Maaaring magbago ang screen.


Proseso sa paggamit ng ATM International Money Transfer




Hindi magagamit ang serbisyo ng ATM kung hindi naitakda ang iyong PIN (Tingnan ang pahina 6)

Hakbang 1 Simulan ang proseso ng international money transfer

Ipasok ang iyong cash card at i-press ang “海外送金” [International Money Transfer].



- 1 Pindutin ang “海外送金” [International Money Transfer].



⚠️ Una, pindutin ang globo na botan upang ipakita ang iba pang wika maliban sa Hapon at Ingles.



Hakbang 2 I-enter ang iyong PIN at ang halaga ng ipadadala

Gamitin ang mga button sa kanang bahagi ng screen upang i-enter ang iyong PIN at ang halaga ng ipadadala (sa Yen).



- 1 I-enter ang iyong PIN gamit ang mga numeric key.
- 2 Ilagay ang halagang ipadadala (sa Yen) gamit ang mga numeric key at i-press ang button na 円 (Yen).


⚠️ Huwag isama ang bayad sa pagpapadala.

- 3 Tiyakin kung tama ang halagang inilagay at saka pindutin ang “Ikumpirma” [確認].

Hakbang 3 Pumili ng tagatanggap

Sa “listahan ng mga nakarehistrong tagatanggap”, piliin kung sino ang iyong padadalhan.

- 1 Pindutin ang numero ng napili mong tagatanggap.




- 2 Pindutin ang “Ikumpirma” [確認].



*Pindutin ito para ipakita ang susunod na hanay ng mga tagatanggap.

Hakbang 4 Piliin ang layunin

Piliin ang dahilan ng pagpapadala ng pera.



- 1 Pindutin ang button ng layunin ng pagpapadala.

Padala sa sariling bayan 郷里送金	Panggastos sa matrikula 学費
Panggastos sa medikal 医療費	Panggastos sa paglagi sa lokal / Renta 現地滞在費用
Panggastos sa paglalakbay 旅費	Pang-Regalo ギフト

* Kung ang layuning pinili ay iba sa naunang inirehistrong layunin kapag magpapadala sa ibang bansa, maaaring suriin ng Seven Bank ang mga detalye ng transaksyon.

Maaaring magbago ang screen.

Hakbang 5 Mag-request ng pagpapadala ng pera

Kumpirmahin ang mga detalye ng transaksyon at ipadala ang pera.




1 Pindutin ang “Ikumpirma” [確認] para ipadala ang pera.



Hakbang 6 Tapusin ang proseso ng pagpapadala

Tiyaking makuha ang resibo matapos makumpleto ang proseso ng pagpapadala ng pera.



1 Tiyakin ang mga detalye ng transaksyon, gaya ng Money Transfer Control Number (MTCN) at ang “Tanong at Sagot” na nakalagay sa resibo.

! Makikita lamang ang “Tanong at Sagot” kung kailangan ito sa pagtanggap ng pinadalang pera.

! Siguraduhing itago ang iyong resibo sa ligtas na lugar dahil baka kailanganin mo ito sa pagfa-file ng iyong tax return.

! May bukod na singil para sa ikalawang kopya ng resibo.

Hakbang 7 Kontakin ang tagatanggap

Ipaalam sa iyong tagatanggap ang mga detalye ng transaksyon, gaya ng Money Transfer Control Number (MTCN) at ang “Tanong at Sagot”, dahil kakailanganin ang mga ito sa pagtanggap ng ipinadalang pera.

- ! Ingatan ang mga detalye ng transaksyon, gaya ng Money Transfer Control Number (MTCN) at ang Tanong at Sagot.
- ! Huwag itong ibigay sa kaninuman maliban sa piniling tagatanggap.
- ! Hindi sasagutin ng Seven Bank ang anumang mga pagkawala dahil sa paggamit ng Money Transfer Control Number (MTCN) o ng Tanong at/o Sagot ng ibang tao maliban sa iyo o sa pinili mong tagatanggap.

- Ang perang iyong ipinadala ay maaaring kunin sa mga payment center ng mga (sub-) agent, atbp. na nakaugnay sa alliance partner (mga kompanya ng Western Union).
- Ang perang iyong ipinadala ay makukuha sa isang payment center na matatagpuan sa bansa ng tagatanggap na iyong itinalaga (o ibinigay na probinsya [state] at lunsod), at bilang panlahatang alituntunin, nang cash sa matatanggap na currency na iyong itinalaga.
- Makukuha lamang ang ipinadalang pera sa mga oras na bukas ang payment center.
- Ang mga pagpapadala ng pera na natanggap ng Seven Bank ay babayaran lamang sa loob ng sakop na mga limitasyong bunga ng mga paghihigpit sa pagsasagawa ng negosyo ng Western Union at ng itinalaga mong payment center. Dahil dito, **kahit na natanggap ng Seven Bank ang perang ipinadala, maaaring imposibleng matanggap ito sa ilan o sa lahat ng mga payment center na matatagpuan sa bansa ng tagatanggap na iyong itinalaga.** Kasama sa mga nabanggit na mga paghihigpit ay ang paghihigpit sa matatanggap na currency may kaugnayan sa limit ng payment credit, dalas ng pagbabayad, uri at limitasyon sa pangangasiwa, mga paghihigpit sa edad ng tagatanggap (mga paghihigpit sa pagtanggap ng mga indibidwal na wala pa sa isang takdang edad, atbp.), at mga kahilingan may kinalaman sa address at residence, atbp., gayon din ang mga legal na paghihigpit sa bansa ng tagatanggap, atbp.
- Depende sa bansa ng tagatanggap, (1) maaaring isagawa ang pagpapapalit mula sa Japanese Yen tungo sa currency ng ibang bansa na itinalaga ng kostumer sa oras ng pagbabayad sa tagatanggap o sa alinmang iba pang panahon gamit ang halaga ng palitan (foreign exchange rate) na ibinigay ng Seven Bank, (2) maaaring ibawas ang buwis/komisyon sa oras ng pagbabayad ng perang ipinadala, o (3) ang “halaga ng palitan” o “halagang matatanggap” gaya ng ipinapakita sa screen ng transaksyon ay maaaring maging iba sa aktwal na halaga dahil sa mga kadahilanang gaya ng kung ang natanggap na currency ay kailangang ipapalit sa ibang mga currency sa oras ng pagbabayad sa tagatanggap o iba pang pagkakataon gamit ang halaga ng palitan (foreign exchange rate) na ibinigay ng Seven Bank, atbp.
- Sa pagtanggap ng remittance, bukod sa pagpiprisinta ng nilalaman ng remittance, kakailanganin ding magbigay ng mga dokumentong kinakailangan ng tanggapan, magpakita ng mga impormasyon, mga alok at iba pang mga pormalidad.
- Bilang karagdagan, depende sa inyong mga tanong o iba pang pakay, kumumpirma muna sa Western Union Call Center (0034-800-400-733) tungkol sa paggamit se rbisyong ito.

Maaaring magbago ang screen.

Direct Banking Service

(kapag nagrerehistro mula sa iyong computer)

Magparehistro Para sa Serbisyo

Hakbang 1 Simulan ang "Magparehistro Para sa Serbisyo"

Pumunta sa website ng Seven Bank at i-click ang button ng "Pagpaparehistro."



1 I-click ang button ng "Pagpaparehistro."



Website ng Seven Bank
<http://www.sevenbank.co.jp/>

Hakbang 2 Unang Pag-logon / Pagrehistro

I-enter ang numero ng iyong sangay, numero ng account at customer ID para sa pagpapatunay.



1 I-enter ang mga sumusunod na impormasyon (sa mga titik na halfwidth na binubuo ng letra at numero).

● **Numero ng branch at numero ng account**

I-enter ang numero ng branch (3 titik na binubuo ng letra at numero) at numero ng account (7 titik na binubuo ng letra at numero) na makikita sa harapan ng cash card.

● **Customer ID**

I-enter ang iyong Customer ID (7 titik na binubuo ng letra at numero) na nakasulat sa likod ng cash card.

● **Numero ng Telepono**

I-enter ang numero ng inyong telepono sa bahay o ng mobile phone na nakarehistro sa iyong aplikasyon.

● **Image authentication**

Para sa seguridad, i-enter ang mga titik na kapareho ng ipinakilata sa larawan.

2 I-click ang button ng "Pagpaparehistro" matapos ang pagbibigay ng impormasyon.

ご利用開始登録へ

Hakbang 3 Gumawa ng logon ID, password at iba pa

Gumawa ng logon ID, password at iba pa.



1 I-enter ang mga sumusunod na impormasyon. (I-enter lahat gamit ang mga titik na halfwidth na binubuo ng letra at numero).

● **Logon ID**

Siguraduhing i-enter ang isang logon ID na mga 6 hanggang 32 titik ang haba, na binubuo ng mga titik na letra at numero (ang logon ID na binubuo lamang ng numero ay hindi maaari). I-enter ang "Kumpirmahin Kung Walang Gumagamit ng Logon ID" sa ibaba para kumpirmahin na wala pang gumagamit ng logon ID.

* Iwasan gumamit ng mga kombinasyon na mga numero at letra na madaling hulaan ng iba.

● **Logon Password**

Siguraduhing i-enter ang logon password na mga 6 hanggang 32 ang haba, na binubuo ng mga letra at numero (ang isang logon password na binubuo lang ng numero ay hindi maaari).

* Iwasan gumamit ng kombinasyong numero at letra na madaling hulaan ng iba.

● **Temporary PIN**

I-enter ang iyong temporary PIN (4 na titik na binubuo ng numero at letra) na nakasulat sa postcard ng "Notice ng Temporary PIN."



● **PIN**

I-enter ang iyong 4 na numero para sa PIN ng cash card matapos itong palitan.

⚠️ Hindi maaaring irehistro bilang iyong PIN ang 4 na pare-parehong mga numero (gaya ng "0000" o "9999"), ang iyong kapanganakan (gaya ng 4 na numero mula sa araw at buwan) at ang iyong nakarehistrong numero ng telepono.

● **Kapanganakan**

I-enter ang iyong kapanganakan na nakarehistro sa iyong aplikasyon.

● **Numero ng kumpirmasyon**


I-enter ang angkop na mga numero, na nakasulat sa likod ng iyong cash card.

2 I-click ang button ng "Kumpirmahin na Natanggap ang Email" matapos ang paglalagay ng impormasyon.

Maaaring magbago ang screen.

Hakbang 4 Kumpirmasyon ng email address

Magpadala ng email para kumpirmahin ang iyong email address.




- 1 I-enter ang iyong email address.
- 2 Piliin kung ipapadala ba ang email sa format na HTML.
- 3 I-click ang "I-send ang Confirmation Email".

確認メールを送信する

Hakbang 5 Itakda ang limit sa halaga ng pagpapadala

Itakda ang limit ng halagang maaaring ipadala kada araw. Ang limit ng halaga ay maaaring itakda mula 0 hanggang 10 milyon Yen (sa unit na 10,000 Yen).




- 1 I-enter ang limit ng halaga.
- 2 I-click ang button na "Kumpirmasyon ng Entry".
- 3 Kumpirmahin ang impormasyon.
- 4 Kung ang setting ay tama, i-tick ang check box na "Kinukumpirma ko ang impormasyong ibinigay".
- 5 I-click ang "I-check ang Nasa Itaas at I-save".

入力内容確認へ

上記内容で設定する

Proseso ng pag-logon matapos ang unang pag-logon (kapag nagla-log on mula sa iyong computer)



- 1 Pumunta sa aming website at i-click ang button ng "Mag-logon".

**Website ng Seven Bank
<http://www.sevenbank.co.jp/>**

- 2 I-enter ang logon ID at password, na itinakda sa Hakbang 3 (pahina 10), at i-click ang "Mag-logon".

- 3 Ang home screen ng kostumer para sa Internet Banking ay lalabas.

Maaring magbago ang screen.

Direct Banking Service

(kapag nagrerehistro mula sa iyong computer)

International Money Transfer Service

Hakbang 1 Mag-logon sa Direct Banking Service



Kung gumagamit ng Internet Banking sa unang pagkakataon, kumpletuhin ang proseso ng Magparehistro Para sa Paggamit ng Serbisyo (tingnan ang pahina 10 at 11).

Pumunta sa aming website at i-click ang button ng “Mag-logon”. Kasunod nito, i-enter ang iyong logon ID at password para makapag-logon.



1 I-click ang button na “Mag-logon”.



Website ng Seven Bank
<http://www.sevenbank.co.jp/>

Hakbang 2 Simulan ang proseso ng pagpapadala ng pera

Piliin ang menu ng “International Money Transfer” mula sa home screen para pasimulan ang proseso.



1 I-click ang button na “International Money Transfer”.



Hakbang 3 Pumili ng tagatanggap

Piliin ang tatanggap sa listahan ng mga nakarehistrong “Tagatanggap”.



1 Piliin ang tagatanggap at i-click ang “Ipadala ang Pera”.



Hakbang 4 Kumpirmahin ang mga mahahalagang detalye

Kumpirmahin ang mahahalagang paalaala para sa international money transfer.



1 I-click ang “Sumasang-ayon sa Nilalamang Ipaalala sa Itaas” matapos tiyakin ang mahahalagang paalaala.

2 I-click ang “I-enter ang mga Detalye sa Pagpapadala.”



Maaring magbago ang screen.

Hakbang 5 I-enter ang mga detalye ng pagpapadala ng pera

Piliin ang dahilan ng pagpapadala ng pera. I-enter ang halaga na ipadadala (sa Yen).

1 Piliin ang dahilan ng pagpapadala ng pera.
* Kung ang layuning pinili ay iba sa naunang inirehistrong layunin kapag magpapadala sa ibang bansa, maaaring suriin ng Seven Bank ang mga detalye ng transaksyon.

2 I-enter ang halaga na ipadadala (sa Yen).
⚠️ Huwag isama ang bayad sa pagpapadala.

3 I-click ang button na “Kumpirmasyon ng mga Detalye ng Pagpapadala”.

送金内容確認へ

Hakbang 6 Kumpirmahin ang mga detalye ng pagpapadala ng pera

Kumpirmahin ang mga detalye ng pagpapadala ng pera at mga kasunduan. I-enter ang “numero ng kumpirmasyon” na nakasulat sa likod ng cash card.

1 Kumpirmahin ang mga detalye ng pagpapadala.

2 I-enter ang “numero ng kumpirmasyon” na nakasulat sa likod ng cash card.

3 I-click ang “Suriin at Ipadala ang Pera”.

上記内容で送金する

Hakbang 7 Tapusin ang proseso ng pagpapadala

Kumpirmahin ang mga detalye ng transaksyon, gaya ng Money Transfer Control Number (MTCN) at Tanong at Sagot.

⚠️ Makikita lamang ang “Tanong at Sagot” kung kailangan ito sa pagtanggap ng pinadalang pera.

1 Kumpirmahin ang Money Transfer Control Number (MTCN) at iba pang detalye.

送金伝票番号(MTCN) 721-535-9119

Hakbang 8 Kontakin ang tagatanggap

Ipaalam sa iyong piniling tagatanggap ang mga detalye ng transaksyon, gaya ng Money Transfer Control Number (MTCN) at ang Tanong at Sagot, dahil kakailanganin ang mga ito sa pagtanggap ng ipinadalang pera.

⚠️

- Ingatan ang mga detalye ng transaksyon, gaya ng Money Transfer Control Number (MTCN) at ang Tanong at Sagot.
- Huwag itong ibigay sa kaninuman maliban sa piniling tagatanggap.
- Hindi sasagutin ng Seven Bank ang anumang mga pagkawala dahil sa paggamit ng Money Transfer Control Number (MTCN) o ng Tanong at/o Sagot ng ibang tao maliban sa iyo o sa pinili mong tagatanggap.

- ◎ Ang perang iyong ipinadala ay maaaring kunin sa mga payment center ng mga (sub-) agent, atbp. na nakaugnay sa alliance partner (mga kompanya ng Western Union).
- ◎ Ang perang iyong ipinadala ay makukuha sa isang payment center na matatagpuan sa bansa ng tagatanggap na iyong itinalaga (o ibinigay na probinsya [state] at lunsod), at bilang panlahatang alituntunin, nang cash sa matatanggap na currency na iyong itinalaga.
- ◎ Makukuha lamang ang ipinadalang pera sa mga oras na bukas ang payment center.
- ◎ Ang mga pagpapadala ng pera na natanggap ng Seven Bank ay babayaran lamang sa loob ng sakop na mga limitasyong bunga ng mga paghihigpit sa pagsasagawa ng negosyo ng Western Union at ng itinalaga mong payment center. Dahil dito, **kahit na natanggap ng Seven Bank ang perang ipinadala, maaaring imposibleng matanggap ito sa ilan o sa lahat ng mga payment center na matatagpuan sa bansa ng tagatanggap na iyong itinalaga.** Kasama sa mga nabanggit na mga paghihigpit ay ang paghihigpit sa matatanggap na currency may kaugnayan sa limit ng payment credit, dalas ng pagbabayad, uri at limitasyon sa pangangasiwa, mga paghihigpit sa edad ng tagatanggap (mga paghihigpit sa pagtanggap ng mga indibidwal na wala pa sa isang takdang edad, atbp.), at mga kahilingan may kinalaman sa address at residence, atbp., gayon din ang mga legal na paghihigpit sa bansa ng tagatanggap, atbp.
- ◎ Depend sa bansa ng tagatanggap, (1) maaaring isagawa ang pagpapapalit mula sa Japanese Yen tungo sa currency ng ibang bansa na itinalaga ng kostumer sa oras ng pagbabayad sa tagatanggap o alinmang iba pang panahon gamit ang halaga ng palitan (foreign exchange rate) na ibinigay ng Seven Bank, (2) maaaring ibawas ang buwis/komisyon sa oras ng pagbabayad ng perang ipinadala, o (3) ang “halaga ng palitan” o “halagang matatanggap” gaya ng ipinapakita sa screen ng transaksyon ay maaaring maging iba sa aktwal na halaga dahil sa mga kadahilanan gaya ng kung ang natanggap na currency ay kailangang ipapalit sa ibang mga currency sa oras ng pagbabayad sa tagatanggap o iba pang pagkakataon gamit ang halaga ng palitan (foreign exchange rate) na ibinigay ng Seven Bank, atbp.
- ◎ Sa pagtanggap ng remittance, bukod sa pagpipisinta ng nilalaman ng remittance, kakailanganin ding magbigay ng mga dokumentong kinakailangan ng tanggapan, magpakita ng mga impormasyon, mga alok at iba pang mga pormalidad.
- ◎ Bilang karagdagan, depende sa inyong mga tanong o iba pang pakay, kumumpirma muna sa Western Union Call Center (0034-800-400-733) tungkol sa paggamit sa serbisyo ito.

Maaaring magbago ang screen.

Irehistro ang Tagatanggap para sa International Money Transfer

Gamitin ang isa sa mga sumusunod na paraan upang magrehistro ng tagatanggap para sa isang international money transfer.

A I-apply sa pamamagitan ng Direct Banking Service

Mga 2 hanggang 3 araw ng negosyo

Ang proseso ng aplikasyon para sa pagrehistro ng tagatanggap sa International Money Transfer ay maaaring direktang gawin sa pamamagitan ng Direct Banking Service. Maaari kang mag-apply 24 oras araw-araw, 365 araw sa isang taon.


*Kung tatapat ang panloob na pagproseso sa isang piyesta-opisyal ng Seven Bank, atbp., maaaring mas tumagal ang pagproseso sa iyong kahilingan.

B Aplikasyon gamit ang telepono (nasusulat na request)

Mga 2 hanggang 3 linggo

Maaaring tumawag ang kostumer sa Customer Center at saka ipadala ang Application form para irehistro ang tagatanggap sa international money transfer. Punan ang mga detalye sa Application form na ipinadala ng Seven Bank, ilakip ang kailangang mga dokumento sa return envelope at ihulog ito sa koreo pabalik sa amin.

Customer Center (Tagalog)

 **0120-677-874** (Walang Bayad)

Oras na Bukás ▶ 10:00 am hanggang 8:00 pm, Linggo hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga pambansang piyesta-opisyal at ang Bagong Taon (12/31 hanggang 1/3)

A I-apply sa pamamagitan ng Direct Banking Service (kapag gumagamit mula sa iyong computer)

Hakbang 1 Pagpapasimula ng paraan para irehistro ang isang tagatanggap para sa international money transfer

Piliin ang menu ng “International Money Transfer” na nasa tuktok na pahina ng Direct Banking Service, at piliin ang “Irehistro ang Tagatanggap”.



- 1 I-click ang “Irehistro ang Tagatanggap”.
- 2 Kung sumasang-ayon ka sa kontrata para sa pagrerehistro ng isang tagatanggap sa International Money Transfer Service, i-click ang “Paglalagay ng mga Detalye ng Tagatanggap”.

Hakbang 2 I-enter ang mga detalye ng tagatanggap

I-enter ang mga detalye para sa tagatanggap na iyong irehistro. Gamitin ang alpabeto kapag nag-i-enter, maliban na lang kung tukuyin.



- 1 I-enter ang pangalan ng tagatanggap.
- 2 I-enter ang address ng tagatanggap.

Maaaring magbago ang screen.

3 I-enter ang iyong kaugnyan sa tagatanggap.

4 Piliin ang bansa ng tagatanggap (bansa, probinsya at lunsod). Alalahaning iba pa ito sa bansa, probinsya at lungsod sa address ng tagatanggap.
* Siguraduhin na piliin ang "state" at "city" kung ang bansa ng tagatanggap ay US at Mexico.

5 Piliin ang currency.

6 Piliin ang layunin ng pagpapadala ng pera. Maaari kang pumili ng iba't ibang layunin.
* Kung ang layuning pinili mo ay iba sa naunang inirehistrong layunin sa iyong request sa International Money Transfer, maaaring kumpirmahin namin ang mga detalye ng transaksyon.

7 I-enter ang mga detalye ng layunin.
* Kung iba't ibang layunin ang pinili mo, i-enter ang detalye para sa bawat napiling layunin.

8 Piliin ang inaasahang dalas ng pagpapadala.
* Kung iba't ibang layunin ang iyong pinili, piliin ang inaasahang dalas para sa bawat napiling layunin.

9 I-enter ang inaasahang halaga kada transaksyon. Ang limit ng padala kada transaksyon ay 1 milyong Yen, at ang limit ng padala kada taon ay 3 milyong Yen.
* Kung iba't ibang layunin ang iyong pinili, piliin ang inaasahang halaga kada transaksyon para sa bawat napiling layunin.

10 I-click ang button ng "Kumpirmasyon ng Paglalagay" matapos ang paglalagay ng impormasyon.

Hakbang 3 Tapos na ang proseso ng pagrerehistro ng tagatanggap

受付番号 1401160008

1 Matapos kumpirmahin ang mga detalye, i-enter ang numero ng kumpirmasyon na nakasulat sa likod ng iyong cash card, at saka i-click ang "Suriin ang Nasa Itaas at Irehistro."

2 Tiyaking may kopya ka ng numero ng reference ng request dahil kakailanganin ito sa iyong pagtatanong.

Hakbang 4 Tapos na ang proseso ng pagrerehistro ng tagatanggap

Ang postcard ng "Notipikasyon na Tapos na ang Pagpaparehistro para sa International Money Transfer" ay ipadadala ng Seven Bank sa iyong nakarehistrong address.

Maaring magbago ang screen.

Mga Katanungan Tungkol sa International Money Transfer Service

Huwag mag-atubiling tawagan kami sa mga sumusunod na numero para sa alinmang mga katanungan na may kaugnayan sa International Money Transfer Service.

Customer Center para sa mga International Money Transfer

Wika	Numero ng telepono (walang bayad)	Araw na bukas (hindi kasama ang mga pambansang piyesta-opisyal at ang Bagong Taon (12/31 hanggang 1/3))	Oras na bukas
Ingles	0120-033-253	Linggo hanggang Biyernes	10:00 am hanggang 8:00 pm
Chinese	0120-677-873	Linggo hanggang Biyernes	10:00 am hanggang 8:00 pm
Tagalog	0120-677-874	Linggo hanggang Biyernes	10:00 am hanggang 8:00 pm
Portuges	0120-677-871	Linggo hanggang Biyernes	10:00 am hanggang 8:00 pm
Espanyol	0120-677-872	Linggo hanggang Biyernes	10:00 am hanggang 8:00 pm
Thai	0120-720-367	Lunes hanggang Huwebes	10:00 am hanggang 8:00 pm
Vietnamese	0120-750-858	Lunes hanggang Huwebes	10:00 am hanggang 8:00 pm
Indonesian	0120-827-808	Lunes hanggang Huwebes	10:00 am hanggang 8:00 pm

Telephone Center (Wikang Hapon)

Wikang Hapon	0120-77-1179 o sa 03-5610-7730 (May bayad)	araw-araw	8:00 am hanggang 9:00 pm
--------------	--	-----------	--------------------------

May mga available na intruksiyonal na video sa paggamit sa isang ATM (pagbabago ng iyong PIN, mga pagdedeposito, mga internasyunal na paglilipat ng pera)! (available sa 9 na wika)

Paano manood ng video

Maa-access mo ang video sa pamamagitan ng paghahanap sa YouTube ng mga post ng "SEVENBANKofficial," o sa pamamagitan ng paggamit sa QR code sa kanan.

*Kinakailangan ang isang espesyal na application upang mabasa ang QR code.



Tingnan ang halaga ng palitan para sa araw na iyon sa website ng International Money Transfer ng Seven Bank!

URL ► <http://www.sevenbank.co.jp/soukin/ph/>

*Sa karaniwan, isinasabay ang halaga ng palitan 3 beses bawat araw (mula noong Abril 11, 2012). Samakatuwid, maaaring iba ang aktwal na halaga ng palitan na ilalapat sa iyong transaksyon sa International Money Transfer sa halagang iyong kukumpirmahin.

Gabay sa Singil (Simula sa Abril 1, 2014)

Singil sa Seven Bank ATM

(kasama ang consumption tax)

	0:00	7:00	19:00	24:00
Mga Withdrawal (Kasama ang mga Withdrawal para sa mga Domestic Money Transfer)	108 Yen	Walang bayad	108 Yen	
Deposito	Walang bayad			
Pagtingin sa balanse	Walang bayad			

*Kailangan ng bukod na singil para sa bank transfer.

*Nangangailangan ng karagdagang singil sa pagpapadala ang mga pagpapadala ng pera gamit ang International Money Transfer Service.

Mga Singil sa Pagpapadala (Internasyonal Money Transfer Service)

Halagang Ipapadala	Singil sa Pagpapadala
1 Yen ~ 10,000 Yen	990 Yen
10,001 Yen ~ 50,000 Yen	1,500 Yen
50,001 Yen ~ 100,000 Yen	2,000 Yen
100,001 Yen ~ 250,000 Yen	3,000 Yen
250,001 Yen ~ 500,000 Yen	5,000 Yen
500,001 Yen ~ 1,000,000 Yen	6,500 Yen

*Maaaring singilin ang hiwalay na Bayad sa Serbisyo ng ATM depende sa kung anong oras ginamit ang ATM ng Seven Bank.

*Kasama na sa napagpasyahang rate na gagamitin sa palitan ng currency sa pamamagitan ng International Money Transfer Service ang tubo ng kumpanya.

Singil sa bank transfer (Pagpapadala ng pera sa ATM ng Seven Bank at sa pamamagitan ng Direct Banking Service) (kasama ang consumption tax)

Tungo sa Seven Bank	54 Yen	Tungo sa ibang Bangko	216 Yen
---------------------	--------	-----------------------	---------

*Ang bank transfer sa ATM ay may bukod pang singil (para sa withdrawal gamit ang ATM) depende sa oras.

*Kanselasyon ng Bank transfer (Refund) ay 648 Yen (kasama ang consumption tax).

Iba pang singil

(kasama ang consumption tax)

Pag-isyu ng Cash card	Re-issuance ng card ng mismong miyembro	1,080 Yen
	Issuance/Re-issuance ng card (Representative)	1,080 Yen
	Pagpapalit ng Cash Card Design	1,080 Yen
Listahan ng detalye ng transaksyon	Sa pamamagitan ng Koreo*	Buwan buwan 108 Yen
	Re-issuance/Extra issuance	Para sa buong 1 buwan 216 Yen
Sertipiko ng Balanse	Paminsan-minsang Pag-issue	1 kopya 324 Yen
	Individual issuance	1 kopya 540 Yen
	Edisyon na Natatangi ang Hugis	1 kopya 2,160 Yen
Bayad sa Pag-issue ng International Money Transfer Statement		324 Yen bawat isa

*Kung nag-request ng [Mail service ng detalye ng transaksyon], babawasin sa account ang singil para sa serbisyong ito tuwing ika-2 ng bawat buwan. Kapag hindi nabawas ang sinasabing singil, hindi rin maipapadala ang dapat na detalye ng transaksyon.

Para sa Mas Ligtas na Paggamit

Para sa iba pang impormasyon, tingnan ang pahina ng "Security" (mula sa "Tuktok" na pahina) sa website ng Seven Bank.

Palaging palitan ang cash card PIN at logon password.

Maaaring palitan ang cash card PIN at log on password sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan. Upang maiwasan ang ilegal na transaksyon, palaging palitan ang PIN/Log on password.

Pagpapalit ng cash card PIN

▶ ATM ng Seven Bank at Direct Banking Service

Pagpapalit ng log on password

▶ Direct Banking Service

- ⚠ ●Hindi maaaring gumamit ng mga numerong pare-pareho kagaya ng temporary PIN na may apat na numero gaya ng ([0000], [9999] atbp.), hindi rin maaaring gamitin ang numero ng kaarawan (buwan, araw, apat na numero ng taon) o di kaya numero ng telepono.
- Sa pagtakda sa iyong password sa pag-logon, iwasang gumamit ng password na kasama ang iyong petsa ng kapanganakan, iyong nakarehistrong numero ng telepono o mga password na madaling mahuhulaan ng iba. Iwasang gumamit ng mga kumbinasyon ng password na kasama ang iyong pangalan, inuulit na numero o mga numerong madaling mahuhulaan ng iba, gaya ng numero ng plaka ng lisensya ng iyong sasakyan.
- Hindi kami maaaring sumagot sa mga tanong tungkol sa inyong PIN/Logon password.
- Huwag ipapaalam ang PIN/Logon password sa ibang tao.
- Ang Seven Bank ay hindi kailanman magtatanong tungkol sa PIN/Logon password ng kustomer.

Gamitin po natin ang serbisyo para sa notipikasyon sa e-mail.

Maaaring gamitin ang Notification Email Service upang maipaalam sa inyo ang detalye ng inyong mga transaksyon sa ATM, Internet banking/Mobile banking.

Paraan ng paggamit

- Para sa hindi pa nakakapag rehistro ng kanilang e-mail address, pumunta sa [Rehistrasyon ng pagsimula ng paggamit] ng Internet banking/Mobile banking at iparehistro dito ang e-mail address.
- May ilang notipikasyon ang mangangailangan ng receive settings.
- Maaari mong itakda ang pagtanggap/pagpapatigil ng mga email ng notipikasyon gamit ang setting ng "Pag-Enable/Disable ng mga Notification Email" sa ilalim ng menu ng "Customer Service" sa Direct Banking Service.

- ⚠ ●Kapag sa inyong settings ay hindi nakatukoy ang domain, at limitado ang pagpasok ng e-mail, kayo ay hindi mapapadalhan ng notipikasyon. Mangyari lamang na idagdag ang [sevenbank.co.jp] sa inyong tukoy na domain o di kaya ay tanggalin ang limitadong settings.

Bilang paraan ng pag-iwas sa mga ilegal na gawain ng huwad at nakaw na cash card, lagyan po ng indibidwal na settings ang limit ng halaga na gagamitin sa ATM.

Ang limit kada araw para sa mga withdrawal at pagpapadala ng pera sa mga ATM ay nakabase sa "Inisyal na setting ng halaga" sa sumusunod na table. Maaari mong palitan ang limit na ito gamit ang "Sakop na halaga para sa Indibidwal na setting" sa sumusunod na table sa ATM ng Seven Bank o sa pamamagitan ng Direct Banking Service. Tandaan na sa ATM ng Seven Bank, ang limit ay maaaring bumaba pero hindi maaaring tumaas.

<Limit ng halaga sa ATM ng Seven Bank IC cash card>

Transaksyon		Inisyal na setting ng halaga	Sakop na halaga para sa Indibidwal na setting (Yunit ng 10,000 Yen)
Withdrawal	Mga Transaksyon Gamit ang IC Card	500,000 Yen	0 Yen ~ 2,000,000 Yen
	Mga Transaksyon Gamit ang Non-IC Card	500,000 Yen	0 Yen ~ 2,000,000 Yen
	Limit sa 1 araw	500,000 Yen	* IC card/non-IC card-Ang may mas malaking limit sa transaksyon ang gagamitin.
Domestic Money Transfer	Mga Transaksyon Gamit ang IC Card	2,000,000 Yen	0 Yen ~ 10,000,000 Yen
	Mga Transaksyon Gamit ang Non-IC Card	500,000 Yen	0 Yen ~ 2,000,000 Yen
	Limit sa 1 araw	2,000,000 Yen	* IC card/non-IC card-Ang may mas malaking limit sa transaksyon ang gagamitin.

- ⚠ ●Ang pamamaraan sa mga transaksyon ay nagbabago depende sa gagamiting ATM.

Mga Transaksyon IC Card

Kapag Seven Bank ATM ang gamit

Kapag ATM ng mga bangko sa ibaba na pwede ang IC chip.

Mitsubishi-Tokyo UFJ Bank/Resona Bank
Saitama Risona Bank/Mitsui Sumitomo Bank
Mizuho Bank/Japan Post Bank

Mga Transaksyon sa Non-IC Card

Kapag ATM ng mga bangko ng mga sumusunod na institusyon ang gamit, na tugma sa IC card

Mitsubishi-Tokyo UFJ Bank/Resona Bank
Saitama Risona Bank/Mitsui Sumitomo Bank
Mizuho Bank/Japan Post Bank

- ⚠ ●Para sa dating cash card ng Aiwa Bank Ang limit ng halaga sa ATM ay naka-set lamang sa "Transaksyon ng Non-IC card". Kaya ang maaari lamang na transaksyon sa Seven Bank ATM ay sa pamamagitan ng mga transaksyon ng non-IC card.
- Hindi kasama sa halaga ng limit ang singil sa serbisyo ng ATM at singil sa Bank transfer.
- Ang inisyal na setting ng limit para sa family card ay kapareho rin ng nasa itaas. Gayunpaman, ang kabuuan ng limit para sa card ng may ari ng account at ng family card ay hanggang 2,000,000 Yen sa withdrawal, at 10,000,000 para sa Bank transfer. Dapat pong maunawaan na kapag ang limit ng may ari ng account ay lampas sa 1,500,000 Yen sa withdrawal, at 8,000,000 Yen para sa Bank transfer sa oras na na-isyu ang card ng representative, automatiko na ito ay ibaba.

Mga Dapat Tandaan sa Oras ng Aplikasyon

1 Ang kostumer na maaaring mag-apply

Indibidwal na kustomer na naninirahan sa bansang Japan. 1 account lamang para sa 1 tao. Ang pangalan at apelyido (kasama ang middle name) ng nag-apply ang gagamitin sa account, hindi maaaring gumamit ng korporasyon o tindahan sa pagbukas ng account. (hindi maaaring gamitin ang account bilang pang-negosyo). Hindi papayagan ang mga wala pang 18 taong-gulang na mag-apply para sa international money transfer service. Ang mga kostumer na gusto lamang mag-apply para sa Seven Bank account ay dapat na mag-apply sa pamamagitan ng website ng Seven Bank.

2 Cash card PIN (Temporary PIN)

Hindi kailangang ilagay ang cash card PIN sa oras ng aplikasyon. Sa loob ng mga isa o dalawang linggo matapos matanggap ang application form, ang Seven Bank ay magpapadala ng isang postcard na may temporary PIN ("Notipikasyon ng Temporary PIN") sa nakarehistrong address ng kostumer. Matapos ninyong matanggap ang inyong [Temporary PIN], mangyari na kayo ay mag-set ng panibago ninyong PIN.

* Dapat pong maunawaan na kapag ang temporary PIN ay hindi ninyo pinalitan, maaaring hindi ninyo magamit ang iba't ibang serbisyo na itinakda ng Seven Bank. (Hindi rin magagamit ang Direct Banking Service.)

* Maaaring matagalan ang pagpapadala kapag inabot ng katapusan at simula ng taon, o kaya ng golden week.

* Ang Cash card PIN ay maaaring i-set sa Seven Bank ATM, at Personal computer.

3 Pagpapadala ng Cash card

Mga isa o dalawang linggo matapos namin matanggap ang iyong aplikasyon, ipapadala sa iyo ng Seven Bank ang cash card sa iyong nakarehistrong address sa pamamagitan ng simpleng registered na serbisyo ng koreo (walang forwarding service). Kapag walang tumanggap at ito ay ibinalik sa amin, ang inyong account ay maaaring makansela.

* Maaaring matagalan ang pagpapadala kapag inabot ng katapusan at simula ng taon, o kaya ng golden week.

4 Transaksyon sa ATM ng Seven Bank

Ang perang papel na maaaring i-withdraw o di kaya i-deposito sa Seven Bank ATM sa 1 beses ay hanggang 50 piraso. Ang mga transaksyon na mangangailangan ng karagdagang singil, ang mga singil na iyon ay ibabawas sa bawat pagkakataong ito ay gagamitin. **Hindi magagamit ang Seven Bank ATM sa mga cash transfer, pagdeposito o pag-withdraw ng barya, o sa mga deposito na kakailanganing magbigay ng sukli sa kostumer.**

* May pagkakataong hindi magagamit ang ATM dahil sa system maintenance at regular inspection.

5 Transaksyon sa ibang ATM na hindi sa Seven Bank

Ang transaksyon ng ordinary deposit ay tinatanggap sa ATM ng Mitsubishi-Tokyo UFJ Bank, Resona Bank, Saitama Resona Bank, Mitsui Sumitomo Bank, Mizuho Bank at Japan Post Bank. Subali't magkakaroon ng karagdagang singil para sa handling charge. May kaunting pagkakaiba rin sa mga transaksyon na maaaring gawin kumpara sa Seven Bank ATM. Maaari ninyong tingnan ang website ng Seven Bank o di kaya ay tumawag sa amin para sa mga detalye.

6 Mga kahilingan sa pag-access at paggamit ng Direct Banking Service

Ang Direct Banking Service ay magagamit sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kahilingan (gaya ng OS, browser at mobile phone) na aming itinakda. Tingnan ang aming website para sa detalye tungkol sa aming user settings.

7 Oras na maaaring gumamit

Seven Bank ATM	Karaniwang bukas 24 oras 365 araw (maliban tuwing ika-3 linggo bawat buwan mula 0:30~5:30 ng sumunod na araw)
Direct Banking Service	Karaniwang bukas 24 oras 365 araw (maliban tuwing ika-3 linggo bawat buwan mula 23:30~5:30 ng sumunod na araw)
Telephone Center	Araw-araw 8:00~21:00 (Sabado/Linggo/Piyesta Opisyal)
Mga ATM sa mga inaatas na bangko	Sa loob ng itinakdang oras ng bangko

* Kahit na ang ATM ay maaaring gamitin sa lahat ng oras, kapag ang branch ay sarado, hindi ito maaaring gamitin.

* May pagkakataong hindi magagamit ang ATM dahil sa system maintenance at regular inspection.

* Bank transfer sa karaniwang araw mula 15:00~24:00. Kung Sabado/Linggo/Piyesta Opisyal, 12/31, 1/1~1/3 ang sinundang araw ay over the counter na ang serbisyo.

8 Tungkol sa Personal na Impormasyon

Ang tiwala ng kustomer ang aming prioridad. Ang tinanggap naming personal na impormasyon ay sumusunod sa Privacy Policy at iingat namin ang katiyakan at pagka pribado nito. Tungkol sa Privacy Policy, maaari itong makita sa aming Homepage. Bukod dito, kayo ay maaaring padalhan ng kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa telephone center. Maaari rin ninyo itong makita sa mga ATM ng Seven Bank.

► Ipinagbabawal ng batas ang ilegal na paggamit o paglipat sa iba ng isang account.

Hindi maaaring magbukas ng account gamit ang huwad at hiram na pangalan. Hindi rin ito maaaring ibenta o ilipat sa ibang tao. Bawal din sa batas ang pagpapagamit ng cash card sa ibang tao. Kapag ang account ay binuksan gamit ang mga huwad/palsipikadong dokumento o kapag nalaman na ginamit sa panloloko ang account, ito ay kakanselahin at ipapawalang bisa ang kontrata. Kami ay maghahain ng reklamo sa administratibong ahensiya batay sa batas.

Ang pagbebenta ng account ay krimen. Huwag ninyo itong gagawin.

Mula sa [Batas sa Prevention of Transfer of Criminal Proceeds], ang pagbebenta ng account, maging ang nagbebenta man o ang bibili ay mapaparusahan.

Mga Q&A tungkol sa Seven Bank Account

Q Mayroon bang sangay ng bangko na tatanggap ng transaksyon?

A Wala pong service counter o counter window na tatanggap ng transaksyon.

* Kami ay gumagamit ng pangalan ng bulaklak bilang pangalan ng sangay sa bawat buwan na matatapos ang pagbubukas ng account.

Q Makikita din ba ang transaksyon kahit na walang passbook?

A Kapalit ng passbook ay ang detalye ng transaksyon para sa bawat buwan na makikita sa Internet Banking.

Maaari rin ipadala (ito po ay may bayad) ang detalye ng transaksyon sa inyo.

* Maaari rin malaman ang detalye ng transaksyon sa Mobile banking.

Q Maari bang gamitin ang account upang tumanggap ng sweldo?

A Maari itong gamitin sa pagtanggap ng suweldo.

Sumangguni sa inyong pinagtatrabahuhan. Hindi maaaring gamitin ito para sa pagtanggap ng pensyon.

* Ang Bank code ng Seven Bank ay [0034].

Q Maaari bang gumamit ng barya sa Seven Bank ATM?

A Hindi po maaaring gumamit ng barya.

Ang maaari lamang gamitin maging withdrawal man o deposit ay perang papel na tig-iisang (1) libong yen.

Q Maaari ba ang automatic-debit para sa mga pampublikong serbisyo?

A Makapagsasagawa ng account transfer service sa mga credit card companies, life at non-life insurance companies, atbp. Ito ay maliban sa isang bahagi ng public utility bills (singil sa telepono, atbp.) kung saan hindi makapagsasagawa ng account transfer service.

* Para sa karagdagang kaalaman, tingnan ang website ng Seven Bank o kaya ay ipagbigay ang katanungan sa bawat pagpapadalhang kumpanya.

* Dapat kang magparehistro sa Direct Banking Service upang gumamit ng Automatic Payment Service. Maaari mong kumpletuhin ang proseso sa website ng Seven Bank upang magparehistro sa Direct Banking Service.

Q Saan makikita ang mga regulasyon tungkol sa Seven Bank Account?

A Maaari mong tiyakin ang mga ito sa website ng Seven Bank. Pakikontak ang telephone center, at ang mga regulasyon ay ipapadala sa mga kostumer na mas gusto ang nakalimbag na bersyon ng mga regulasyon.

Website

<http://www.sevenbank.co.jp/>



Listahan ng Paghahambing ng mga Mahahalagang Termino

日本語	英語 (English)	タガログ語 (Tagalog)
預入れ	Deposit	Deposito
引出し	Withdrawal	Withdrawal
残高照会	Balance inquiry	Pagtingin sa balanse
普通預金	Ordinary deposit	Ordinary deposit
定期預金	Time deposit	Time Deposit
現金	Cash	Cash
キャッシュカード (カード)	Cash card (card)	Cash card (card)
暗証番号	PIN	PIN
紙幣	Bill	Perang papel
金額	Amount	Halaga
振込	Domestic money transfer	Card Transfer
ローン	Loan	Loan
確認	Confirmation	Kumpirmasyon
訂正	Correction	Rebisyon
取引	Transaction	Transaksyon
連続取引	Continued transaction	Pagpapatuloy ng transaksyon
変更	Change	Pagpalit/Pagbabago
解約	Termination	Kanselasyon ng kontrata
限度額	Limit	Limitasyon ng remittance/Limit ng halaga
必要	Required	Kailangan
不要	Not required	Hindi kailangan
お取引明細表	Statement	Transaction receipt
取消し	Cancel	Kanselasyon
終了	End	Tapos/End

Pahayag ng Mahahalagang Puntos (International Money Transfer Service) (Binago noong Abril 1, 2014)

Sa paggamit ng Seven Bank International Money Transfer Service, bukod sa nilalaman ng “Pangkalahatang-Ideya Tungkol sa Produkto (International Money Transfer Service)”, alamin din ang mga nakasulat sa ibaba. Dapat basahin ang “International Money Transfer Service Terms and Conditions” para sa mga detalye ng Serbisyong ito. Bigyang pansin ang mga sumusunod na kahulugan sa pagbabasa nito:

- Ang “Alliance Partner” ay tumutukoy sa grupo ng The Western Union Company (isang korporasyon sa Amerika na ang punong tanggapan ay matatagpuan sa 12500 East Belford Avenue, Englewood, Colorado 80112, U.S.A.).
- Ang “Payment Center” ay tumutukoy sa mga center ng mga (sub-)agents, at iba pa na kaanib ng Alliance Partner at siyang nangangasiwa ng pagbayad ng perang padala.

1 Ang serbisyong ito ay handog ng Seven Bank (ang “Bangko”) at hindi serbisyong isinasagawang mag-isa ng Alliance Partner. Ang Alliance Partner o ang Payment Center ay hindi magiging partido sa mga transaksyon kasama ng mga kustomer.

◆ Ang perang pinadala sa pamamagitan ng Serbisyong ito ay matatanggap sa Payment Center na kaanib ng Alliance Partner. Subalit, ang nasabing serbisyo ng Alliance Partner at Payment Center ay ibinibigay sa Bangko (hindi sa mga kustomer) sa ilalim ng kasunduan ng Bangko at Alliance Partner. Lahat ng mga karapatan at obligasyon ng kustomer buhat ng paggamit ng Serbisyong ito ay manggagaling at mananatili sa kustomer sa pagitan lamang ng kustomer at ng Bangko.

2 Ang serbisyong ito ay, sa karaniwan, nasa wikang Hapon. Ang sulatin sa ibang wika ay limitado, at kung mayroong pagkasalungat sa kahulugan o nilalaman sa pagitan ng nasalin sa Hapon at sa ibang wika, ang nasalin sa Hapon ang masusunod.

◆ Para sa kaginhawaan ng at tulong sa mga kustomer, mayroong mga sulatin na maaring isaad sa wikang maliban sa wikang Hapon, ngunit ang mga pagsasalang ito ay limitado lamang. Halimbawa, ang ilang transaction screen ay nasa wikang Hapon at Ingles, at ang customer services sa Telephone Center ay gagamit ng wikang Hapon at Ingles; subalit, ang mga ito ay limitado ayon sa tingin ng Bangko ay naaangkop at maaari itong mabago/itigil ng walang paunang abiso.

3 Ang Bangko ay hindi tatanggap ng mga pagpapadala ng pera na nangangailangan ng paunang pahintulot, abiso, rehistrasyon, at iba pa ayon sa “Foreign Exchange and Foreign Trade Act” at kabilang sa mga paghihigpit kung saan kailangang tiyakin ng Bangko ang pagtatapos ng mga nasabing hakbang sa panahon ng transaksyon.

◆ Ang nabanggit na batas ay pinaghihigpitan ang mga pagpapadala ng pera: (1) sa anumang tao sumasailalim sa asset freeze o iba pang economic sanctions; (2) na ang sinabing layunin ay makatulong sa partikular na gawain sa mga partikular na bansa; at (3) na pambayad sa kalakal kaugnay ang partikular na bansa. Ang bawat kustomer na nagnanais na magpadala ng pera ay kinakailangang tiyakin na ang kanyang transaksyon ay hindi sumasailalim sa mga ito. Hinggil sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa mga dapat na bigyang katiyakan, paki-tingnan ang Internet homepage ng Bangko (ang mga nilalaman ay babaguhin alinsunod sa mga pagababago sa kaukulang mga batas at ordinansa).

4 Ang itinakdang foreign exchange rate ng Bangko para sa pagpapalit ng currency sa Serbisyong ito ay mayroong kasama na spread na isinaad ng Bangko. Dagdag sa singil sa pagpapadala, bahagi ng tubo/kita sa pagpalit ng currency ay ibibigay sa Alliance Partner.

◆ Ang itinakdang foreign exchange rate ng Bangko para sa pagpapalit ng currency sa Serbisyong ito produkto ng general interbank foreign exchange rate na isinaad para sa mga takdang oras at ng pamamaraang itinakda ng Bangko at spread na itinakda ng Bangko. Ang rate na ito ay karaniwang pinapalitan sa dalas na itinakda ng Bangko (ilang beses isang araw).

5 Ang “Exchange Rate” at ang “Amount to be Received” na makikita sa screen noong pinayagan ang transaksyon ay maaaring maiba sa rate na ginamit at/o halagang natanggap.

◆ Ang “Exchange Rate” na angkop sa pagpapalit ng currency sa Serbisyong ito at ang “Amount to be Received” na nakalkula sa pamamagitan ng pagpapalit ng foreign currency na pinili ng kustomer sa nasabing rate ay, sa karaniwan, iyong ipinakita sa screen at kinumpirma ng kustomer noong pinayagan ng transaksyon.

◆ Subalit, sa ilang payout countries, ang rate at/o halagang natanggap ay maaraing iba sa kinumpirma ng kustomer dahil sa mga rason tulad ng (1) ang pagpapalit ng currency na ginawa sa payout currency na gamit ang tinakdang exchange rate ng Bangko sa oras ng pagbayad, o sa ibang oras, (2) mga buwis at/o singil na ipinapataw sa pagpapadala ng pera, o kaya, (3) ang payout currency ay pinalitan sa itinakdang currency ng Bangko sa halaga ng itinakdang foreign exchange rate ng Bangko sa panahon ng pagbayad o sa ibang takdang oras.

6 Paki-abisuhan ang taga-tanggap ng mga detalye ng transaksyon, kasama na ang Money Transfer Control Number (MTCN) at ang test question at tugon dito na ibinigay noong payagan ng transaksyon, at dapat maingat na pangasiwaan at itago ito. Upang maka-tanggap ng pera, kailangan ng taga-tanggap na ipakita ang mga detalye ng transaksyon at itupad and mga hakbang na itinakda ng Payment Center, tulad ng pagbibigay ng hiniling na dokumento at impormasyon.

◆ Kapag pinayagan ng Bangko ang transaksyon, magbibigay ito ng Money Transfer Control Number (MTCN) at ng test question at tugon dito at ipapakita ang mga ito, kasama ng ibang detalye ng transaksyon, sa transaction screen o sa transaction statement (resibo). Ang impormasyong ito ay kailangan ipakita ng taga-tanggap sa Payment Center upang mabayaran. Huwag ipaalarm ang mga nasabing detalye sa sinuman maliban sa taga-tanggap. Ang Bangko ay hindi mananagot sa anumang pinsala nagmumula sa paggamit ng mga detalyeng ito ng ibang tao na hindi kustomer at o ang taga-tanggap.

7 Bagaman pinayagan ng Bangko ang transaksyon, maaaring hindi matanggap ng taga-tanggap ng buo o tuluyang hindi matanggap sa Payment Center na matatagpuan sa Payment Center, dahil sa mga patakaran na ipinatutupad ng Alliance Partner o ng Payment Center.

- ◆ Ang Alliance Partner o Payment Center ay maaaring magpasatupad o magbago ng patakaran sa pagbayad sa taga-tanggap, etc., ng walang paunang abiso. Maaaring kasama sa mga patakaran ay mga limitasyon sa halagang ibabayad at dalas ng pagbayad, limitasyon sa uri at dami ng currencies na pambayad, limitasyon ayon sa gulang o kinaroroonan o tirahan ng taga-tanggap at mga limitasyon sa ilalim ng mga batas at ordinansa ng payout country at iba pa. Ang mga transaksyon na pinayagan ng Bangko ay susunod sa mga limitasyong ito at ang pagbayad sa taga-tanggap ay susunod din sa mga nasabing limitasyon. Ang mga hiwalay na transaksyon, tulad ng pagpalit ng currency (kasama na ang pagpalit ng maliliit na halaga ng payout currency sa ibang currency), ay maaaring kailanganin para matanggap ang perang padala.
- ◆ Kung napagpasyahan ng Bangko na ang taga-tanggap ay hindi maaaring tumanggap ng bayad sa anumang Payment Center na matatagpuan sa payout country, at walang kinalaman ang kustomer o ang taga-tanggap doon, matapos na kanselahin ang transaksyon, ang karaniwan ay isasauli ng Bangko sa customer ang halaga ng pinadalang pera, singil ng pagpapadala ng pera at iba pang singil.

8 Ang pagsasagawa ng taga-tanggap ng mga hiwalay na transaksyon sa Payment Center ay kanyang sariling responsibilidad. Ang Bangko ay hindi mananagot, anuman ang dahilan ng mga transaksyon.

- ◆ Ang taga-tanggap ay, sa karaniwan, sa pamamagitan ng Serbisyong ito, tatanggap ng perang pinadala sa cash at sa foreign currency na itinakda ng kustomer. Maaaring ang taga-tanggap ay kinakailangang magsagawa ng hiwalay na transaksyon, tulad ng pag-credit sa bank account ng taga-tanggap at pagpalit sa isang currency (kasama na ang pagpalit ng maliliit na halaga ng payout currency sa ibang currency) o makakatanggap ng perang pinadala sa ibang currency maliban sa nakatakdang currency ng bansa at iba pang paraan sa pamamagitan ng hiwalay na transaksyon sa Payment Center. Hindi mananagot ang Bangko sa taga-tanggap kaugnay ng mga nasabing pagbabago ng transaksyon sa oras ng pagtanggap ng taga-tanggap, o maski mapagastos ang taga-tanggap dahil dito. Hindi rin mananagot ang Bangko kung ang taga-tanggap ay hindi maaaring tumanggap ng perang pinadala sa currency na itinakda ng kustomer dahil sa mga limitasyong ipinapatupad ng Alliance Partner o ng Payment Center.

9 Kukuhanan at gagamitin ng Bangko ang impormasyon ng kustomer kasama na ang “nationality” at “country/place of birthday”. Ang Bangko ay magbibigay sa Alliance Partner at sa Payment Center mula sa nasabing impormasyon ng kustomer na sa tingin ng Bangko ay naangkop.

- ◆ Kukuhanan at gagamitin ng Bangko ang impormasyon ng bawat kustomer kabilang na ang “nationality” at “country/place of birth” para masiguro ang wastong pagtataguyod ng Serbisyong ito at ng iba pang kalakaran ng Bangko.
- ◆ Ang Bangko ay magbibigay ng impormasyon, na sa tingin ng Bangko ay naaangkop, mula sa nasabing impormasyon ng kustomer, sa Alliance Partner at sa Payment Center upang makabayad ang Alliance Partner o Payment Center sa mga taga-tanggap o upang makatulong sa Bangko ng pagpapadala ng pera o para umalinsunod sa mga batas at ordinansa. Ang impormasyong ibabahagi ng Bangko ay maaari ding gamitin para sa pagsusuri ng impormasyon (sa kondisyon na walang kustomer ang ibubukod kaugnay sa pagsusuri) para mapabuti ang mga serbisyo ng Alliance Partner. Kaugnay dito, ang nasabing impormasyon ay maaaring ipamahagi sa pagitan ng Alliance Partner at ng Payment Center para sa mga layuning ito.
- ◆ Ang mga impormasyong na maaring ibahagi sa labas ay mga personal na impormasyon, impormasyon na ibinigay ng kustomer na may kinalaman sa transaksyon ng kanyang account sa Seven Bank, sa Serbisyong ito at iba pang serbisyo gamit ang nasabing account, o ibang transaksyong gumagamit ng mga nasabing serbisyo. Kabilang sa impormasyon ay ang nilalaman ng anumang mga dokumentong galing sa kustomer at ang kanyang mga hinihiling na transaksyon, kanyang “nationality” at “country/place of birth” at mga impormasyon tungkol sa taga-tanggap.

10 Hindi papayag ang Bangko sa pagbabago ng mga hiling ng kustomer sa pagpapadala ng pera.

- ◆ Kung kailangan ng kustomer baguhin ang transaksyon, dapat kanselahin niya ang nasabing transaksyon, at gumawa ng panibagong transaksyon na nilalaman ang nais na pagbabago, at kung kinakailangan ay i-rehistro muna ang taga-tanggap.

11 Ang pagkansela ng kustomer ay papayagan lamang kung ang pinadalang pera ay hindi pa natatanggap. Ang mga perang padala na hindi natanggap sa loob ng 30 araw mula sa araw ng pagpapayag sa pagpapadala ay, sa karaniwan, kaagad kakanselahin ng, at ang halagang pinadala ay ibabalik sa Seven Bank account (ordinary savings) ng kustomer.

- ◆ Sa alinmang dahilan ng kanselasyon, ang singil sa pagpapadala at iba pang singil at gugol, mula sa mga perang padala at iba pang binayad ng kustomer, ay sa karaniwan hindi na maaaring ibalik. Ang perang ipapadala ay ibabalik sa Seven Bank account (ordinary savings) na customer. Ang nasabing pagsasauli ng pera ay maaring aabutin ng 4 na business days pataas matapos ang araw ng pagkansela ng transaksyon. Subalit, maaaring mayroong pagkakataon na hindi maibabalik ng Bangko ang pera kung pinaghihigpitan ito ng mga batas at ordinansa.
- ◆ Papangasiwaan ang pagkansela ng isang kustomer sa Telephone Center at Customer Center para sa mga International Money Transfer. Gayunpaman, hindi magsasagawa ang Bangko ng mga pagkansela kung ang sinasabing pagkansela ay ipinagbabawal sa ilalim ng mga batas at ordinansa o ang sinasabing pagkansela ay tinanggihan ng Alliance Partner.
- ◆ Hindi aabisuhan ang customer tungkol sa pagkakansela ng pagpapadala ng pera na hindi natanggap sa loob ng 30 araw.

12 Hindi pananagutan ng Bangko ang anumang pinsala kaugnay sa Serbisyong ito dahil sa anumang dahilan, maliban kung ang Bangko ang maysala, tulad ng pinsalang dulot ng maling pagbayad o hindi pagbayad sanhi ng anumang pagkakamali ng Alliance Partner o ng Payment Center at pinsalang dulot ng pagkabigo ng sistema, at iba pa.

- ◆ Kabilang sa mga dahilan kung saan hindi ang Bangko ang maysala ay maling pagbayad, hindi pagbayad, kakulangan sa pagbayad, o nahuling pagbayad, sanhi ng pagkakamali ng Alliance Partner o ng Payment Center. Kabilang din sa mga nasabing dahilan ay anumang pagkabigo ng sistema, at iba pa, kasama na ang terminals at pamamaraan ng komunikasyon (kaugnay sa sistema ng Bangko, at iba pa, ang nasabing pagkabigo ay iyong naganap sa kabila ng mainam na seguridad na isinagawa ng Bangko). Hindi pananagutan ng Bangko ang anumang pinsala dulot ng mga nasabing dahilan.
- ◆ Subalit, kung ang resulta ng imbestigasyon ng Bangko base sa reklamo ng kustomer ay matitiyak ng Bangko at ng Alliance Partner na ang anumang maling pagbayad o hindi pagbayad ay kasalanan ng Alliance Partner o ng Payment Center (o kaya itinuring ng Bangko na ang sitwasyon ay katumbas nito), ang Bangko ay gagawa ng paraan na sa tingin nito ay angkop, tulad ng pagpapawalang-bisa na pagpapadala ng pera o muling pagbabayad, matapos bigyang konsiderasyon ang intensyon ng kustomer.

13 Ang pananagutan ng Bangko kaugnay sa Serbisyong ito ay limitado sa direkta at aktuwal/tunay na pinsala at hanggang sa ibinayad na halaga (sa Japanese Yen) ng kustomer, maliban na lamang kung iba ang sinasaad ng batas o regulasyon.

- ◆ Hindi sakop ng pananagutan ng Bangko ang hindi tahasang pinsala, pinsalang dinulot ng naunang tahasang pinsala, pagkawala ng kita at kaugnay na pinsala, at iba pa, na walang alintana sa anumang legal causes of action. Hindi rin pananagutan ng Bangko ang anumang halagang hihigit sa kabuuang halaga (sa Japanese Yen) ng perang pinapadala, iba't ibang mga singil at gugol na natanggap nang tanggapin ng Bangko ang transaksyon. Subalit, hindi naaangkop ang mga naunang pangungusap kung iba ang sinasaad ng batas o regulasyon.

* Ang mga nakasulat dito ay pagsasalin mula sa wikang Hapon para lamang sa kaginhawaan ng at tulong sa mga kusotmer. Kung mayroong pagkasalungat sa kahulugan o nilalaman sa pagitan ng mga nakasulat dito at nang nasalin sa Hapon, ang nasalin sa Hapon ang masusunod. Ang nasalin sa Hapon ay makikita sa Internet homepage ng Bangko at ipapadala sa pamamagitan ng koreo kung hilingin sa Telephone Center.

International Money Transfer Service (Simula sa Abril 1, 2014)

Pangalan ng Produkto	International Money Transfer Service																							
Mga Kustomer na Maaaring Gumamit ng Serbisyo (Eligible Customers)	Limitado lamang sa mga indibidwal na kustomer na tumutupad sa lahat ng mga sumusunod na mga kundisyon: (1) Mayroong Seven Bank Account (2) Edad 18 taong gulang at pataas sa panahon ng aplikasyon para sa International Money Transfer Service Agreement (3) Pumasa sa pauna nang tinukoy na pamantayan ng pagsusuri, at naaprubahan ng Bangko ang aplikasyon para sa International Money Transfer Service Agreement																							
Pagsalarawan ng Serbisyo (Service Description)	Pagpapadala ng pera (sa Japanese yen) sa mga indibidwal na naninirahan sa labas ng Japan (na tumutupad sa pamantayan ng pagsusuri ng Bangko at nauna nang nakarehistro sa Bangko bilang taga-tanggap) sa mga foreign currency na itinakda ng kustomer * Ang serbisyong ito ay hindi sumasaklaw sa mga pagpapadala ng pera sa isang hindi indibidwal (business entity) o kapag nagmula sa ibang bansa patungong Japan.																							
Mga Gamit ng Pagpapadala ng Pera (Purposes of Money Transfer)	Limitado sa mga gamit na itinakda ng Bangko * Ang serbisyong ito ay hindi magagamit bilang pambayad ng import bills (pambayad para sa pamimili ng mga bagay/kalakal o serbisyo) o para sa mga pang-komersyong layunin. * Ang serbisyong ito ay hindi magagamit para sa mga transaksyong sakop ng anumang paghihigpit ayon sa Foreign Exchange at Foreign Trade Act ng Japan (hal. nangangailangang kumuha/kumumpleto ng paunang pahintulot, awtorisasyon, pag-aproba, abiso o rehistrasyon sa gobyerno) kung saan kailangang tiyakin o kumpirmahin ng Bangko ang pagiging kumpleto ng clearance patungkol sa mga paghihigpit na nabanggit.																							
Limitasyon sa Ipadadala (Transfer Limits)	(1) Hindi lalampas sa ¥1 milyon kada padala, kada araw, kada buwan (mula sa unang araw hanggang huling araw ng bawat buwan) Hindi lalampas sa ¥3 milyon kada taon (mula Enero 1 hanggang Disyembre 31) (2) Ang mga padala sa ilang payout countries ay maaaring sakop ng mas mababang limitasyon kaysa sa mga binanggit sa (1).																							
Bansang Padadalhan/Matatanggap na Currency (Payout Country and Payout Currency)	Itatakda ng kustomer mula sa mga bansa at mga foreign currency na itinalaga ng Bangko																							
Limitasyon sa Pagpapadala ng Pera (Restriction on Transactions)	(1) Ang perang padala ng kustomer ay tatanggapin at ipoproseso sang-ayon sa mga limitasyon sa pagpapadala ng pera na itinakda ng Bangko, tulad ng mga limitasyon ukol sa mga gamit ng pagpapadala ng pera, limitasyon sa halaga ng ipapadalang pera, bansang padadalhan (payout countries), matatanggap na currency (payout currencies) o dami ng rehistradong taga-tanggap. (2) Ang perang padala ng kustomer ay tatanggapin at ipoproseso sang-ayon sa mga limitasyon sa pagpapadala ng pera ng itinakda ng alliance partner o payment centers ng Bangko bilang karagdagan sa mga limitasyong nakalista sa (1). (3) Ang mga limitasyong nabanggit ay maaaring pagtibayin o baguhin ng walang paunang abiso sa mga kustomer.																							
Mga Bayad at Singil (Fees and Charges)	Mga bayad at singil para sa International Money Transfer Service ■ Mga Bayad sa Pagpapadala (Transfer Fees)	<table border="1"> <thead> <tr> <th colspan="2">Halagang ipinadala</th> <th>Bayad sa pagpapadala</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>1 Yen ~</td> <td>10,000 Yen</td> <td>990 Yen</td> </tr> <tr> <td>10,001 Yen ~</td> <td>50,000 Yen</td> <td>1,500 Yen</td> </tr> <tr> <td>50,001 Yen ~</td> <td>100,000 Yen</td> <td>2,000 Yen</td> </tr> <tr> <td>100,001 Yen ~</td> <td>250,000 Yen</td> <td>3,000 Yen</td> </tr> <tr> <td>250,001 Yen ~</td> <td>500,000 Yen</td> <td>5,000 Yen</td> </tr> <tr> <td>500,001 Yen ~</td> <td>1,000,000 Yen</td> <td>6,500 Yen</td> </tr> </tbody> </table>	Halagang ipinadala		Bayad sa pagpapadala	1 Yen ~	10,000 Yen	990 Yen	10,001 Yen ~	50,000 Yen	1,500 Yen	50,001 Yen ~	100,000 Yen	2,000 Yen	100,001 Yen ~	250,000 Yen	3,000 Yen	250,001 Yen ~	500,000 Yen	5,000 Yen	500,001 Yen ~	1,000,000 Yen	6,500 Yen	* Para sa pagpapadala ng pera gamit ang ATM ng Seven Bank, maaaring singilin ang mga ATM service fee na idadagdag sa singil sa pagpapadala, depende sa oras na ginamit ito. * Kasama sa foreign exchange rates na ginamit sa palitan ng currency para sa International Money Transfer Service ang tubo ng Seven Bank.
Halagang ipinadala		Bayad sa pagpapadala																						
1 Yen ~	10,000 Yen	990 Yen																						
10,001 Yen ~	50,000 Yen	1,500 Yen																						
50,001 Yen ~	100,000 Yen	2,000 Yen																						
100,001 Yen ~	250,000 Yen	3,000 Yen																						
250,001 Yen ~	500,000 Yen	5,000 Yen																						
500,001 Yen ~	1,000,000 Yen	6,500 Yen																						
			■ Bayad sa Pag-issue ng International Money Transfer Statement (kasama ang buwis) (International Money Transfer Statement Issue Fee (incl.tax)) ¥ 324 kada kopya * Ang bayad na ito ay sinisingil kapag hiniling ng kustomer na mabigyan ng statement sa anumang international money transfer o magkaroon ng ikalawang kopya ng transaction slip.																					
Paraan ng Pagpapadala (Remittance Method)	(1) Ang kustomer ay kailangang sumailalim muna sa isang International Money Transfer Service Agreement ng Bangko sa pamamagitan ng pagpaparehistro ng mga kinakailangang impormasyon tungkol sa kanyang sarili (ang kustomer) at sa mga taga-tanggap. (2) Ang kahilingang magpadala ng pera ay tatanggapin lamang kung alinsunod sa alinmang sumusunod na pamamaraan. • Sa pamamagitan ng Seven Bank ATM gamit ang Seven Bank cash card ng kustomer • Sa pamamagitan ng direktang pagbabangko (3) Ang perang ipapadala, singil sa pagpapadala, at iba pang bayad at gastos para sa pagpapadala ay kailangang nabayaran muna sa panahon na tanggapin ng Bangko ang pagpapadala ng pera, sa pamamagitan ng pagbawas mula sa ordinary deposit ng kustomer, at hindi maaaring bayaran ng cash. * Walang hiling para sa pagpapadala ng pera ang tatanggapin sa anumang service counter ng head office ng Bangko o sa mga sangay na opisina. * Bawat kustomer ay maaaring magrehistro ng hanggang anim na mga taga-tanggap. * Hindi maaaring gamitin ang mga agent card kapag humiling ng mga international money transfer. * Ang Money Transfer Control Number (MTCN), ang test question at sagot dito (na ibibigay lamang para sa mga piling payout countries), at iba pang mga detalye ng transaksyon ay ang mga kakailanganing impormasyong para makuha ng taga-tanggap ang halagang ipinadala. Ang kustomer ay dapat maingat na pangalagaan ang nasabing impormasyon.																							

Paraan ng Pagbabayad (Payment Method)	<p>(1) Ang perang padala sa pamamagitan ng serbisyong ito ay maaari lamang tanggapin sa mga payment center na matatagpuan sa payout country na itinakda ng kustomer, sa mga oras at araw na bukas ito.</p> <p>(2) Ang perang padala ay karaniwang matatanggap ng cash ng taga-tanggap gamit ang itinakdang payout currency.</p> <p>(3) Ang halagang matatanggap ay ang halagang nakalkula sa pamamagitan ng pagpalit ng perang ipinadala na Japanese yen sa nakasaad na payout currency gamit ang nakatakdang foreign exchange rate ng Bangko sa panahong tinanggap ng Bangko ang hiling na magpadala ng pera.</p> <p>* Kung kailangang tukuyin ng kustomer ang payout country pati ang partikular na estado o lungsod dito, maaaring hindi matanggap ng taga-tanggap ang perang padala mula sa payment center na nasa labas ng tinukoy na estado o lungsod</p> <p>* Upang matanggap ang perang padala, kailangang ipakita ng taga-tanggap ang Money Transfer Control Number (MTCN), ang test question at ang sagot dito (na ibinibigay para sa mga piling payout countries), at iba pang mga detalye ng transaksyon, at itupad ang mga itinakdang hakbang ng payment center (kasama na ang pagpapakita at pagbibigay ng mga dokumento at impormasyong hihilingin ng payment center).</p> <p>* Sa ilang payout countries, ang bayad sa taga-tanggap ay maaaring iproseso sang-ayon sa mga kondisyong naiiba sa mga kinumpirma ng kustomer noong isumite nito ang kahilingan na magpadala, para sa mga dahilan tulad ng: (1) pagpalit ng pera sa payout currency gamit ang nakatakdang foreign exchange rate ng Bangko sa panahon ng pagbabayad o sa ibang takdang oras; (2) mga buwis o iba pang mga singilin na ipinataw sa oras ng bayaran; at (3) ang halaga na ibabayad ay kailangan muling palitan sa ibang itinakdang currency ng Bangko, gamit ang itinakdang foreign exchange rate ng Bangko, sa panahon ng pagbabayad o sa ibang takdang oras.</p> <p>* Ang ilang mga perang padala ay maaaring kailanganing ipadala sa deposit account ng taga-tanggap, palitan sa ibang currency maliban sa payout currency (kasama na ang pagpalit ng maliliit na halaga ng payout currency sa ibang currency), o iba pang hiwalay na transaksyon upang maisagawa ang pagpapadala ng pera.</p>
Kanselasyon ng Pagpapadala ng Pera (Cancellation of Money Transfer)	<p>(1) Ang pagpapadala ng pera ay maaari lamang kanselahin kung hindi pa natatanggap ng taga-tanggap ang perang ipinadala.</p> <p>(2) Kung ang perang padala ay hindi natanggap ng taga-tanggap sa loob ng 30 araw mula sa araw ng pagpayag ng Bangko sa pagpapadala, sa karaniwan, kaagad itong kakanselahin ng Bangko nang walang paunang abiso.</p> <p>(3) Maliban sa mga nabanggit, maaaring kanselahin ng Bangko ang pinayagang pagpapadala ng pera ng walang paunang abiso kung may maganap na alinman sa mga itinakdang nitong pangyayari.</p> <p>(4) Kung nakansela ang pagpapadala ng pera, bilang panlahatang patakaran, bahagi ng halagang pinadala lamang ang ibabalik sa ordinary deposit ng kustomer.</p> <p>* Tinatanggap ang kahilingan sa pagkansela na inilarawan sa (1) sa itaas sa Telephone Center at Customer Center para sa mga International Money Transfer. ng Bangko.</p> <p>* Sa alinmang mga kaso sa (1) hanggang (3) sa itaas, ang mga singil sa pagpapadala at iba bang mga singil at gastos ay sa karaniwan hindi na maaring isauli. Ang nasabing pagsasauli ng pera ay maaaring abutin ng apat o higit pang business days..</p> <p>* Hindi aabisuhan ang kustomer tungkol sa pagpapatupad ng kanselasyon na inilarawan sa (2).</p>
Pagbabago ng Pagpapadala ng Pera (Change to Money Transfer Request)	<p>Hindi papayag ang Bangko sa pagbabago ng mga hiling sa pagpapadala ng pera.</p> <p>* Kung nanaisin ng kustomer na gumawa ng mga pagbabago sa kaniyang hiling, dapat kanselahin ng kustomer ang kaniyang naunang hiling, irehistro ang isang bagong taga-tanggap kung kailangan, at isumite ang bagong hiling batay sa bagong impormasyon.</p>
Pagtigil, Suspensyon ng Paggamit ng Serbisyo, at iba pa (Termination, Suspension of Use of Service, etc.)	<p>Kung mangyari ang alinman sa mga dahilang itinakda ng Bangko, maaaring itigil ng Bangko, nang walang paunang abiso, ang International Money Transfer Service Agreement, suspendihin ang paggamit ng kustomer sa International Money Transfer Service, o kanselahin ang rehistrasyon ng lahat o alinman sa mga nakarehistrong taga-tanggap.</p>
Iba Pang Nakatutulong na mga Impormasyon (Other Helpful Information)	<ul style="list-style-type: none"> • Ang “payment center” ay tumutukoy sa service center ng ahente, subagent, o iba pa na kaanib ng alliance partner ng Bangko at siyang nangangasiwa ng pagbayad ng perang padala. • Ang mga detalye ng transaksyon ay maaaring makita sa pamamagitan ng direct banking o maaaring kumpirmahin sa Telephone Center at Customer Center para sa mga International Money Transfer.. • Ang mga karagdagang detalye tungkol sa International Money Transfer Service ay makikita sa website ng Bangko o ipapaliwanag sa Telephone Center at Customer Center para sa mga International Money Transfer (sa Japanese at Ingles, sa pangkalahatan). • Ang mga kailangang tandaan hinggil sa paggamit ng International Money Transfer Service ay inilarawan sa “Statement of Important Matters (International Money Transfer Services)” at makikita sa website ng Bangko kasama ng International Money Transfer Service Terms and Conditions at itong Pangkalahatang-Ideya Tungkol sa Produkto. Kung nais ninyong makatanggap ng kopya ng mga dokumentong ito sa pamamagitan ng koreo, maaring tumawag sa Telephone Center. Maingat na basahin ang mga dokumentong ito at tiyaking pauna mong nauunawaan ang mga detalye ng International Money Transfer Service. • Maaaring kailanganin ang mga transaction statements o slips sa pag-file ng buwis ng kustomer, atbp., kaya ang mga ito ay dapat ingatan.
Nakatalagang mga Organisasyon sa Paggawa ng Resolusyon sa Hindi Pagkakaunawaan (Designated Dispute Resolution Organizations)	<p>Japanese Bankers Association Customer Relations Center Telepono: 0570-017109 o 03-5252-3772 Mga araw ng serbisyo: Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga national holiday at mga araw na sarado ang mga negosyo) Mga oras ng serbisyo: 9:00 hanggang 17:00</p>

* Ang mga nakasulat dito ay pagsasalin sa Tagalog mula sa wikang Hapon na inihanda para lamang sa kaginhawaan ng kustomer. Kung mayroong pagkakaiba sa pagitan ng dalawa, ang bersyon sa Hapon ang siyang masusunod. Ang bersyon sa Hapon ay makikita sa website ng Bangko at ipapadala sa pamamagitan ng koreo kung ito ay hilingin sa pamamagitan ng pagtawag sa Telephone Center.

Tatanggap na Bansa • Magiging Pananalapi o Currency

2014年3月1日現在(ika-1 ng Marso, taon 2014 Kasalukuyan)

Ukol sa bawat tatanggap na bansa, ang mga nakasulat lamang na pananalapi sa kolum ng "Pangalan ng Currency" sa bandang kanan ang maaaring magamit sa pagtanggap ng pera.

[Babala] Sana'y maintindihan ninyo na ang Tanggapan ng remittance sa Payout country o Magiging Pananalapi (Payout Currency) ay maaaring mabago nang walang abiso dahil sa restriksiyong pangkalakal ng mga transaksyon.

No.	国名 Country name	通貨 Currency name		No.	国名 Country name	通貨 Currency name		No.	国名 Country name	通貨 Currency name		No.	国名 Country name	通貨 Currency name			
001	Afghanistan	Afghani	US Dollar	—	055	Dominica	EC Dollar	—	109	Liechtenstein	CH Franc	—	163	Saint Lucia	EC Dollar	—	
002	Albania	Euro	Lek	Us Dollar	056	Dominican Republic	DO Peso	—	110	Lithuania	Euro	Lithuanian LIT	US Dollar	164	Saint Vincent And The Grenadines	EC Dollar	—
003	Algeria	DZ Dinar	—	—	057	East Timor	US Dollar	—	111	Luxembourg	Euro	—	—	165	Samoa	Tala	—
004	American Samoa	US Dollar	—	—	058	Ecuador	US Dollar	—	112	Macau	Macau Pataca	—	—	166	Sao Tome and Principe	Dobra	—
005	Angola	Kwanza	—	—	059	Egypt	US Dollar	—	113	Macedonia	Euro	US Dollar	—	167	Saudi Arabia	SA Riyal	—
006	Anguilla	EC Dollar	US Dollar	—	060	El Salvador	US Dollar	—	114	Madagascar	Ariary	—	—	168	Senegal	CFA Franc	—
007	Antigua And Barbuda	EC Dollar	—	—	061	Equatorial Guinea	CFA Franc	—	115	Malawi	Kwacha	—	—	169	Serbia	Euro	—
008	Argentina	AR Peso	—	—	062	Eritrea	Nakfa	—	116	Malaysia	Ringgit	—	—	170	Seychelles	Seychelles Rupee	—
009	Aruba	AW Guider	—	—	063	Estonia	Euro	—	117	Maldives	MV Rufiyaa	US Dollar	—	171	Sierra Leone	Leone	—
010	Australia	AU Dollar	—	—	064	Ethiopia	US Dollar	—	118	Mali	CFA Franc	—	—	172	Singapore	SG Dollar	—
011	Austria	Euro	—	—	065	Falkland Islands (Malvinas)	FK POUNDS	—	119	Malta	Euro	—	—	173	Slovakia	Euro	—
012	Azerbaijan	US Dollar	Manat	—	066	Fiji	FJ Dollar	—	120	Marshall Islands	US Dollar	—	—	174	Slovenia	Euro	—
013	Bahamas	BS Dollar	—	—	067	Finland	Euro	—	121	Martinique	Euro	—	—	175	Solomon Islands	Solomon Dollar	—
014	Bahrain	BH Dinar	US Dollar	—	068	France	Euro	—	122	Mauritania	Ouguiya	—	—	176	Somalia	US Dollar	—
015	Bangladesh	Taka	—	—	069	French Guiana	Euro	—	123	Mauritius	MU Rupee	—	—	177	South Africa	US Dollar	—
016	Barbados	BB Dollar	—	—	070	French Polynesia	CFP Franc	—	124	Mayotte	Euro	—	—	178	South Korea	US Dollar	—
017	Belarus	US Dollar	—	—	071	Gabon	CFA Franc	—	125	Mexico	MX Peso	—	—	179	South Sudan	South Sudanese Pound	—
018	Belgium	Euro	—	—	072	Gambia	Dalasi	—	126	Micronesia	US Dollar	—	—	180	Spain	Euro	—
019	Belize	BZ Dollar	—	—	073	Georgia	US Dollar	—	127	Moldova	Euro	US Dollar	Moldovan Leu	181	Sri Lanka	LK Rupee	—
020	Benin	CFA Franc	—	—	074	Germany	Euro	—	128	Monaco	Euro	—	—	182	St. Maarten	AN Guider	US Dollar
021	Bermuda	US Dollar	—	—	075	Ghana	New Ghana Cedi	—	129	Mongolia	US Dollar	—	—	183	St. Martin	Euro	—
022	Bhutan	Ngultrum	—	—	076	Gibraltar	Pound Sterling	—	130	Montenegro	Euro	—	—	184	Sudan	Sudanese Pound	—
023	Bolivia	Boliviano	US Dollar	—	077	Greece	Euro	—	131	Montserrat	EC Dollar	—	—	185	Suriname	US Dollar	—
024	Bosnia and Herzegovina	Euro	Konvertible Mark	US Dollar	078	Grenada	EC Dollar	—	132	Morocco	MA Dirham	—	—	186	Sweden	SE Krona	—
025	Botswana	Pula	—	—	079	Guadeloupe	Euro	—	133	Mozambique	New Metical	—	—	187	Switzerland	CH Franc	—
026	Brazil*1	US Dollar	—	—	080	Guam	US Dollar	—	134	Myanmar	Myanmar Kyat	—	—	188	Taiwan	US Dollar	—
027	British Virgin Islands	US Dollar	—	—	081	Guatemala	Quetzal	—	135	Namibia	US Dollar	—	—	189	Tajikistan	US Dollar	—
028	Brunei	Brunei Dollar	—	—	082	Guinea	GN Franc	—	136	Nauru	AU Dollar	—	—	190	Tanzania	TZ Shilling	—
029	Bulgaria	Bulgarian New Lev	Euro	US Dollar	083	Guinea-Bissau	CFA Franc	—	137	Nepal	NP Rupee	—	—	191	Thailand	Baht	—
030	Burkina Faso	CFA Franc	—	—	084	Guyana	GY Dollar	—	138	Netherlands	Euro	—	—	192	Togo	CFA Franc	—
031	Burundi	Burundi Franc	US Dollar	—	085	Haiti	US Dollar	—	139	New Caledonia	CFP Franc	—	—	193	Tonga	Pa'anga	—
032	Cambodia	US Dollar	—	—	086	Honduras	Lempira	—	140	New Zealand	NZ Dollar	—	—	194	Trinidad and Tobago	TT Dollar	—
033	Cameroon	CFA Franc	—	—	087	Hong Kong	HK Dollar	US Dollar	141	Nicaragua	US Dollar	—	—	195	Tunisia	TN Dinar	—
034	Canada	CA Dollar	—	—	088	Hungary	Forint	US Dollar	142	Niger	CFA Franc	—	—	196	Turkey	Euro	US Dollar
035	Cape Verde	CV Escudo	—	—	089	Iceland	IS Krona	—	143	Nigeria	Naira	—	—	197	Turkmenistan	US Dollar	—
036	Cayman Islands	KY Dollar	US Dollar	—	090	India	IN Rupee	—	144	Northern Mariana Islands	US Dollar	—	—	198	Turks and Caicos Islands	US Dollar	—
037	Central African Republic	CFA Franc	—	—	091	Indonesia	Rupiah	—	145	Norway	NO Krone	—	—	199	Tuvalu	AU Dollar	—
038	Chad	CFA Franc	—	—	092	Iraq	IQ DINAR	US Dollar	146	Oman	OM Rial	US Dollar	—	200	U.S.Virgin Islands	US Dollar	—
039	Chile	CL Peso	—	—	093	Ireland	Euro	—	147	Pakistan	PK Rupee	—	—	201	Uganda	UG Shilling	—
040	China	US Dollar	—	—	094	Israel	Shekel	US Dollar	148	Palau	US Dollar	—	—	202	Ukraine	US Dollar	—
041	Colombia	CO Peso	—	—	095	Italy	Euro	—	149	Palestinian Authority	JO Dinar	Shekel	US Dollar	203	United Arab Emirates	UAE Dirham	US Dollar
042	Comoros	Comoro Franc	—	—	096	Jamaica	JM Dollar	—	150	Panama	US Dollar	—	—	204	United Kingdom	Pound Sterling	—
043	Congo, Democratic Republic	US Dollar	—	—	097	Jordan	JO Dinar	US Dollar	151	Papua New Guinea	Kina	—	—	205	United States*2	US Dollar	—
044	Congo-Brazzaville	CFA Franc	—	—	098	Kazakhstan	KZT Tenge	US Dollar	152	Paraguay	Guarani	US Dollar	—	206	Uruguay	US Dollar	UY Peso
045	Cook Islands	NZ Dollar	—	—	099	Kenya	Kenya Shilling	—	153	Peru	Nuevo Sol	US Dollar	—	207	Uzbekistan	US Dollar	—
046	Costa Rica	CR Colon	—	—	100	Kiribati	AU Dollar	—	154	Philippines	PH Peso	US Dollar	—	208	Vanuatu	Vatu	—
047	Cote d'Ivoire	CFA Franc	—	—	101	Kosovo	Euro	—	155	Poland	Zloty	US Dollar	Euro	209	Venezuela	Bolivar	—
048	Croatia	Kuna	—	—	102	Kuwait	Kuwaiti Dinar	US Dollar	156	Portugal	Euro	—	—	210	Vietnam	US Dollar	VN Dong
049	Curacao	AN Guider	—	—	103	Kyrgyz	US Dollar	Som	157	Qatar	QA Riyal	—	—	211	Yemen	US Dollar	YE Rial
050	Cyprus	Euro	—	—	104	Laos	Laos Kips	—	158	Reunion Island	Euro	—	—	212	Zambia	Kwacha	—
051	Cyprus (Northern)	US Dollar	—	—	105	Latvia	Euro	—	159	Romania	Euro	RO New Leu	US Dollar	213	Zimbabwe	US Dollar	ZW Dollar
052	Czech Republic	CZ Koruna	—	—	106	Lebanon	US Dollar	—	160	Russia	Ruble	US Dollar	—				
053	Denmark	DK Krone	—	—	107	Liberia	US Dollar	—	161	Rwanda	RW Franc	US Dollar	—				
054	Djibouti	DJ Franc	US Dollar	—	108	Libya	LYD Dinar	—	162	Saint Kitts And Nevis	US Dollar	EC Dollar	—				

*1 Para sa mga remittance sa Brazil, maaaring palitan na at bayaran ng Riyal ang ipinadalang pera.

*2 Sa mga pagpapadala ng pera sa Estados Unidos, maaaring hindi posibleng tumanggap ng padala sa mga payment center sa labas ng state o lunsod na itinalaga ng kostumer.

株式会社

セブン銀行

Ipinagbabawal ang pagkopya/pagsalin ng walang pahintulot mula sa Seven Bank Corporation

Ang mga tagpo/paglalarawan na nakasulat sa Manwal na ito ay base sa petsang Abril 1, 2014 hanggang kasalukuyan.

K.018.T05(14.04) タガログ語